

MGA SULIRANIN AT ESTILO SA PAG-AARAL NG PANITIKANG PILIPINO
NG MGA MAG-AARAL SA PAMBANSANG PAARALAN
NG SAMAR

Isang Tesis
Ini harap sa
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
SAMAR COLLEGE
Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng mga
Gawaing Itinakda para sa Kursong
MASTER SA SINING NG EDUKASYON
(Filipino)

CINDY A. CADIZ

Abril 2020

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang pagtupad sa gawaing itinakda para sa digring Master sa Sining ng Edukasyon, Medyor sa Filipino; itong tesis na Pinamagatang, "**MGA SULIRANIN AT ESTILO SA PAG-AARAL NG PANITIKANG PILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**", na inihanda at iniharap ni **Cindy A. Cadiz** na pumasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay itinagubilin para sa isang Pasalitang Pagsusulit.

CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD
Guro sa Gradwadong Pag-aaral
Tagapayo

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **Abril 11, 2020** na may markang **PASADO**.

NIMFA T. TORREMORO, PhD
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo

IMELDA M. UY, EdD
Pansangay na Tagamasid
Kagawaran ng Edukasyon, Sangay
ng Lungsod ng Catbalogan
Miyembro

GUILLERMO D. LAGBO, DPA
Guro, Kolehiyo ng Gradwadong
Pag-aaral, Dalubhasa sa
Estadistika
Samar College
Miyembro

ROSARIO E. RESMA, MAEd
Guro, Gradwadong Pag-aaral ng
Samar College
Miyembro

ALLAN L. DACLES, MAEd
Guro, Gradwadong Pag-aaral ng
Samar College
Miyembro

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degreing **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino.

NIMFA T. TORREMORO, PhD
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

Abril 11, 2020

PAGKILALA

Ang pananaliksik na ito ay bunga ng pagsusumikap ng mananaliksik sa tulong ng mga taong mayroong ginintuang puso na nagbigay ng panahon, talino, at kasanayan sa pagsagawa ng pananaliksik.

Isang pinagpalang kamay din ang naging instrumento upang maisaayos ang kasalukuyang pananaliksik lalo na sa wikang ginamit, ang Filipino. Kung kaya walang humpay na pasasalamat kay **Dr. Carmerlita C. Abdurahman** bilang tagapayo ng mananaliksik na nagbigay ng malaking kontribusyon sa pamamagitan ng pag-aayos ng gramatika at iba pang aspeto hinggil sa estruktura ng wikang Filipino.

Lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa Dekana ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan, **Dr. Nimfa T. Torremoro**, sa pagbibigay ng payo hinggil sa ikabubuti ng pananaliksik at pagbibigay ng mga matatalinong mungkahi hinggil sa mga aspeto ng manuskrito na kailangang pagtuunan ng pansin bilang Tagapangulo sa Lupon ng Pasalitang Pagsusulit.

Nagpapasalamat din ang mananaliksik sa tulong propesyunal na ibinigay nina **Dr. Guillermo D. Lagbo**, Guro sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, **Dr. Imelda M. Uy**, Pansangay na Tagamasid ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, **Gng. Rosario E. Resma**, Guro sa Filipino ng Pambansang Paaralan ng Samar,

at **G. Allan L. Dacles**, Guro sa Pambansang Paaralan ng Motiong, Sangay ng Samar, mga kasapi ng Lupon ng Pasalitang Pagsusulit. Ang kanilang mga mahahalagang mungkahi tungkol sa mga aspetong kailangang bigyang-pansin kagaya ng mga tiyak na suliranin ng pananaliksik, at ang teknikal na aspeto nito ang siyang nagsilbing matibay na lunsaran upang mas lalong pag-ibayuhin ang pagsasaayos, pagrebisa, at pagsusulat ng pinal na porma ng pananaliksik.

Taos puso ring nagpapasalamat ang mananaliksik sa Tagapamanihala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, **Dr. Marilyn B. Siao**, at sa Punong-Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, **Gng. Ruth D. Cabanganan**, sa pagbigay ng pahintulot na naisagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar.

Nagpapasalamat din ang mananaliksik kay **G. Rhum Bernate**, Punong-Guro ng Silanga National High School, at sa kapwa niya mananaliksik sa Filipino, **Bb. Riza N. Jakosalem**, sa pagtulong sa pagsasagawa ng balidasyon ng mga talatanungan sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Silanga National High School.

Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik kay **Dr. Guillermo D. Lagbo** na siyang naglapat ng estadistika. Dahil sa kanya nabigyang linaw at interpretasyon ang mga datos na nalikom sa pag-aaral na ito. Malaki ang naiambag niya sa pagsasagawa ng pag-aaral mula sa isinagawang balidasyon

hanggang sa pagtataya ng mga datos. Ang kanyang ambag sa pag-aanalisa ng mga datos ang nagsilbing daan upang matapos ang pag-aaral na ito.

Hindi makokompleto ang pananaliksik na ito kung hindi dahil sa kabutihan ng loob ng lahat ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang na nagsilbing mga tagasagot, at sa kanilang mga tagapayo na nagbigay ng pahintulot na maipamigay ang mga talatanungan sa mga mag-aaral na tagasagot.

Tumatanaw din ng utang na loob ang mananaliksik sa kanyang mga kasamang guro sa departamento ng Filipino sa Pambansang Paaralan ng Samar, lalo na kay **Gng. Rowena B. Gorgonia** na naging kasama niya sa isinagawang pag-aaral.

Nagpapasalamat din ang mananaliksik sa mga kawani ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, lalo na kay **G. Herson A. Delantar** sa pagtatala ng mga mungkahi ng lupon ng pasalitang pagsusulit bilang kalihim. Ang kanilang tulong ay nagpagaan sa mga gawain ng mananaliksik lalo na sa panahon ng pasalitang pagsusulit.

Ang pananaliksik na ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa pagmamahal at paniniwala ng pamilya ng mananaliksik, ang kanyang asawa, **G. Oscar A. Cadiz, Jr.** at ang kanilang mga anak, **Oscar Bart Cedrick A. Cadiz, Caryl Niña A. Cadiz, Oscar Cyan A. Cadiz,** at **Chanelle May A. Cadiz.** Sila ang nagsilbing inspirasyon sa mananaliksik na

maisakatuparan at matapos ang pag-aaral sa kabila ng mga iba't ibang hamong kinaharap.

Higit sa lahat, lubos ang pananalig ng mananaliksik sa **Poong Maykapal** na siyang nagbigay ng lakas at talino upang maisaayos, maisakatuparan, at matapos ang pananaliksik.

C. A. C.



PAGHAHANDOG

“Walang imposible kung magtitiwala sa kakayahan”.

Ito ang bunga ng matagal na pagsisikap na maiahon ang aking sarili sa kamangmangan at makatulong sa mga mag-aaral na magtamo ng mataas na antas ng karunungan. Kung kaya ito ay para sa ~

MGA MAG-AARAL, na walang hinangad kundi ang matuto; at

MGA GURO, na walang hiniling kundi ang makapaglingkod para sa edukasyon...

Ito ay aking taos pusong inihahandog sa aking mga
MAGULANG, GERONIMO & NORA;

Sa aking MAHAL NA PAMILYA, BOYET, OSCAR
BART, CARYL, OSCAR CYAN, & CHANELLE...

Sa ating POONG MAYKAPAL...

Maraming Salamat po at kayo po ang dahilan sa pag-aaral na ito...

Cindy

ABSTRAK

Pamagat ng Tesis	:	MGA SULIRANIN AT ESTILO SA PAG-AARAL NG PANITIKANG PILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR
May-Akda	:	CINDY A. CADIZ
Wikang Ginamit	:	Filipino
Uri ng Pananaliksik	:	Tesis
Disiplina	:	Filipino
Programa	:	Master sa Sining ng Edukasyon
Buong Titulo ng Degri	:	Master sa Sining ng Edukasyon (Filipino)
Taon ng Pagkompleto	:	Abril 2020
Keywords	:	Suliranin Estilo sa Pag-aaral Panitikang Pilipino Ikapitong Baitang Pambansang Paaralan ng Samar

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Pampaaralang Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020.

Sa katiyakan, sinagot ng pag-aaral ang mga katanungan hinggil sa profayl ng mga mag-aaral at gurong tagasagot ayon sa ilang mga baryet. Nilayon ding alamin ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang

Pilipino batay sa kanilang sariling pananaw at ng kanilang mga guro. Sa karagdagan, nilayong alamin ang estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Tinuos sa pag-aaral na ito kung mayroong mahalagang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro. Tinuos din kung mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang profayl baryet ng mga mag-aaral at profayl baryet ng mga guro; at sa pagitan ng estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot at suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

Ayon sa ginawang pagtataya sa mga datos, napagalaman na sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot ang suliranin sa pag-aaral ng panitikang Filipino ay "madalang nararanasan" na may kabuuang tamtaman na 3.23. Sa panig ng mga gurong nagtuturo sa panitikang Filipino, ito ay tinaya bilang "madalas nararanasan" ng mga mag-aaral na may kabuuang tamtaman na 4.30. Napagalaman din na ang kadalasang estilo sa

pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino ay aural/auditory.

Sa pagtutuos ng mga ipotesis, napagalamang mayroong mahalagang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino sa pagitan ng dalawang grupo ng tagasagot. Mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang hanapbuhay ng mga magulang, grado sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino at saloobin sa pag-aaral ng akdang pampanitikan. Sa karagdagan, mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga gurong tagasagot sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang kanilang gulang, tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino at salingkurang pagsasanay sa Filipino.

Sa karagdagan, hindi mahalaga ang kaugnayan sa pagitan ng estilo ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang kanilang gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, lugar o tirahan, grado sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino at saloobin sa pag-aaral ng akdang pampanitikan. Sa huli, mahalaga ang kaugnayan sa pagitan ng estilo ng mga mag-aaral

na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Pilipino at ang kanilang suliraning kinakaharap sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

	Pahina
DAHONG PAMAGAT	i
DAHONG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	vii
ABSTRAK	viii
TALAAN NG MGA NILALAMAN	xii
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN	xv
TALAAN NG MGA FIGURA	xvii

Kabanata

1	ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO	1
	Panimula	1
	Paglalahad ng Suliranin	7
	Mga Ipotesis	10
	Batayang Teyoretikal	10
	Batayang Konseptwal	16
	Kahalagahan ng Pag-aaral	19
	Saklaw at Delimitasyon	23
	Katuturan ng mga Talakay	24
2	PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	30
	Kaugnay na mga Literatura	30
	Kaugnay na mga Pag-aaral	39
3	METODOLOHIYA	53

Disenyo ng Pananaliksik	53
Lokal ng Pag-aaral	55
Instrumentasyon	58
Balidasyon ng Instrumento	60
Paraang Sampling	62
Paglikom ng mga Datos	64
Paglalatapat Estadistika ng mga Datos . . .	65
4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	73
Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot . .	73
Profayl ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino	83
Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag- aaral sa Panitikang Pilipino batay sa Pananaw ng Dalawang Grupo ng Tagasagot	93
Paghahambing sa Pananaw hinggil sa Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Panitikang Pilipino sa pagitan ng Dalawang Grupo ng Tagasagot	99
Pag-uugnay sa pagitan ng mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino at ang mga Piling Baryet . . .	101
Estilo sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot batay sa VARK Learning Style Inventory	127
Kaugnayan sa pagitan ng Estilo sa Pag- aaral ng Panitikang Pilipino ng mga Mag- aaral na Tagasagot at ang mga Piling Baryet	128
Mahalang Implikasyon na Nakuha sa Kinalabasan ng Pag-aaral	142

5 LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	144
Lagom ng Kinalabasan	144
Mga Konklusyon	148
Mga Rekomendasyon	153
TALASANGGUNIAN	155
MGA APENDIKS	161
A Liham Pagpapatibay ng Panukalang Tesis . .	162
B Liham Pagtatalaga ng Tagapayo ng Pananaliksik	163
C Talatanungan para sa mga Mag-aaral na Tagasagot	164
D Talatanungan para sa mga Gurong Tagasagot .	169
E Talatanungan sa Istilong Pagkatuto ni VARK	174
F Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagamasid ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan	178
G Liham Paghingi ng Pahintulot sa Punong Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar	179
KURIKULUM VITA	180

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1 Mga Mag-aaral na Tagasagot	63
2 Degri ng Linear Relationship	70
3 Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot	73
4 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot	75
5 Sanligang Edukasyon ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	76
6 Hanapbuhay ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	78
7 Lugar o Tirahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot	79
8 Grado ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Una at Pangalawang Markahan	80
9 Saloobin ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pag-aaral ng Akdang Pampanitikan	81
10 Gulang at Kasarian ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	84
11 Katayuang Sibil ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	85
12 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	86
13 Mataas na Edukasyong Natamo ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	87
14 Tagal ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	88
15 Salingkurang Pagsasanay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino	89

16	Saloobin ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino sa Pagtuturo ng Akdang Pampanitikan . . .	91
17	Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Panitikang Pilipno Batay sa Pananaw ng Dalawang Grupo ng Tagasagot	94
18	Paghahambing sa Pananaw Hinggil sa Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Panitikang Pilipino sa Pagitan ng Dalawang Grupo ng Tagasagot	100
19	Pag-uugnay sa Pagitan ng mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino at ang Kanilang Profayl Baryet	102
20	Pag-uugnay sa Pagitan ng mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino at ang Profayl Baryet ng mg Guro	115
21	Estilo sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot	127
22	Kaugnayan sa Pagitan ng Estilo sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Kanilang Profayl Baryet	129
23	Kaugnayan sa Pagitan ng Estilo sa Pag-aaral ng Panitikang Pilipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot at ang Suliraning Kinakaharap	140

TALAAN NG MGA FIGURA

Figura	Pahina
1 Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral . . .	17
2 Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral	56

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

Panimula

Ang mga akdang pampanitikan ng isang bansa ay patunay sa pagiging malikhaing ng mga taong naninirahan dito. Sumasalamin sa makulay na nakaraan ang iba sa mga akdang pampanitikan na nagsilbing mayamang lunsaran ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon upang maunawaan ang kanilang bansa. Subalit, hindi madaling maitindihan ang mga akdang pampanitikan at hindi lahat ng mga mag-aaral ay mayroong kakayahang mapagtagumpayan ang pag-aaral sa mga ito dahil sa maraming kadahilanan.

Ang pag-aaral ng panitikan ng isang bansa ay mahalaga dahil sa pamamagitan nito ay malalaman, madarama, at masusumpungan kung paano nag-ugat at namuhay ang mga ninuno. Samakatwid, ang panitikan ay nagsisilbing tulay para makita at mabatid ng mga mamamayan ng isang bansa ang kaugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan upang sa ganoon ay maharap ang darating na panahon na may lakas at talino (Tabang, 2000:3).

Kaugnay nito, sa pag-aaral ng panitikan ay mababatid ang mga Pilipinong pumanday nang matatayog at mararangal na simulain na magiging puhunan sa pagbuo ng isang lipunan. Ang panitikan ng Pilipinas ay tumutukoy sa umiiral, umuunlad, at namamayaning uri at anyo ng katutubong panitikan, kabilang ang mga nilikha at ginawa ng mga Pilipinong nasa labas ng

bansa. Tinatawag din itong panitikang Filipino o panitikang Filipino sapagkat kinabibilangan ito ng mga likhang pampanitikang nagmula sa iba't ibang wika sa Pilipinas (Sauco, 2009:4).

Sa katiyakan, mahalagang maituturing ang panitikan sa edukasyon sa maraming paraan, lalo na ito ay laging kasama sa kurikulum ng paaralan. Sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng panitikan mapapalawak at magagawang mahusay ng isang guro ang pagtuturo ng asignaturang Filipino, maaaring maiakma ang iba't ibang estratehiya upang mahikayat nang lubos ang interes ng mga mag-aaral at gawing kawili-wili ang oras nila lalo na sa pagbabasa sa pamamagitan ng paggamit ng tula, kuwento, sanaysay, talambuhay, awit, bugtong, salawikain, sawikain, balagtasang at iba pa (Apuntan, 2013:1-2).

Mas naging kapuna-puna ang implikasyon sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan sa wikang Filipino ang pagbabago sa kurikulum sa kasalukuyang panahon. Ang edukasyon ng bansang Pilipinas ay sumailalim sa pagbabago batay sa nakasaad sa Batas Republika Bilang 10533 o ang Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013. Ayon sa nasabing batas, ang Estado ay magtatatag, magpapanatili, at magtataguyod ng isang ganap, sapat, at nakapaloob na sistema ng edukasyong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan, ng bansa, at ng malawakang lipunan. Alinsunod dito, ipinapahayag bilang polisiya ng Estado na ang bawat nagtapos sa batayang edukasyon

ay magiging indibidwal na may kapangyarihan na matuto, sa pamamagitan ng isang programa na nakaugat sa maiinam na prinsipyong pampagkatuto at nakatuon sa kahusayan ng mga batayan ng pagkatuto sa buong buhay, kakayahan na maghanapbuhay at maging produktibo, ng kakayahang makipamuhay sa isang mabungang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na lokal at pandaigdig, kakayahan na makilahok sa isang nakapagsasarili, malikhain, at mapanuring pag-iisip, at kakayahan at pagkukusang baguhin ang iba at ang sarili (Batas Republika Bilang 10533, 2013:1).

Subalit, may mga bagong kalakaran sa edukasyon na may kahirapan para sa mga guro na katuwang sa pagbibigay-sigla ng kanilang mga mag-aaral na pahalagahan ang panitikang Pilipino. Karamihan sa mga sarbey at mga pananaliksik ay kinakitaan ng pagbibigay-diin sa kritikal na pangangailangan upang matulungan ang mga guro na lumikha ng pagmamahal sa literatura mula sa mga mag-aaral at kinakikitaan ng masidhing pagbaba sa literasi at kabuuang pagbabasa sa mga aklat kasama ang lahat ng iba-ibang pangkat ng edad at antas ng edukasyon (Collie at Slater, 2010:145).

Sa katunayan, ang mga mag-aaral na Pilipino ay nagtala ng pinakamababang literasi sa pagbabasa batay sa isinagawang pagtataya ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018. Ang bansang Pilipinas ang panghuli sa 79 bansang sumali sa 2018 PISA pagdating sa pagbasa batay sa

naitalang tamtamang iskor na 340 na mas mababa ng mahigit na 200 puntos kaysa sa China na may 555 at ng mahigit 100 na puntos sa tamtaman ng mga bansang kasali sa Organization for Economic Co-Operation and Development (OECD) na tinaya sa 487. Ang kinalabasan ng 2018 PISA ay maaaring sumalamin sa kaakibat na mababang antas ng pagganap sa National Achievement Test (NAT) ng mga mag-aaral. Ilan sa mga tinukoy na hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang matugunan ang mababang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang pagpapaunlad sa mga kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral at ang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga guro (San Juan, 2019:1).

Alinsunod sa layuning paunlarin ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang pag-alam sa kanilang mga estilo ng pagkatuto. Sa isang klase likas na may pagkakaiba sa mga pag-uugali, kakayahang akademiko, wikang ginagamit, at pinanggalingang pamilya ang mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang bawat mag-aaral ay may sariling kakayahan na makikita sa kanilang iba't ibang akademikong pagganap at pag-uugali sa loob ng silid aralan. Ang mga nabanggit na pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral ay hindi maiiwasan kaya kailangang bigyan ng karampatang atensyon ng mga guro at iba pang kinaukulan dahil maaaring ito ay makatulong o makapagpahina ng kanilang pagganap sa klase. Ang mga pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral ay maaaring nagmumula sa kanilang estilo sa pag-aaral na kung tawagin ay learning

styles, kung saan ang mga mag-aaral ay natututo sa pinakamadaling pansariling paraan ng pag-aaral. Ang salitang paraan o estilo ng pagkatuto ay tumutukoy sa konsepto na ang bawat indibidwal ay nagkakaiba-iba ayon sa aktibo, direkta at praktikal na partisipasyon ayon sa kung anong pamamaraan ng pagtuturo o pag-aaral na pinakamabisa para sa mga mag-aaral (Saban, 2014:7).

Maliban sa mga estilo o pamamaraan ng pag-aaral ng mga mag-aaral, maaaring mayroong likas na kahirapan ang pag-aaral ng panitikan na siyang nagiging suliranin upang ito ay lubos na matutunan. Una na rito ang mismong saklaw ng panitikan kabilang ang mga katanungang paano maiitindihan ng mga mag-aaral ang buong kasaysayan ng panitikan. Pangalawa, ang mismong antas ng pagbibigaydiin ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Kabilang sa suliraning ito ay kung anong klase ng pampanitikang akda ang nararapat na maituro at ano ang isasantabi na lamang. Higit sa lahat, ang suliranin ay nag-uugat sa paraan ng pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Kabilang dito ang kung anong pamamaraan ng pagtuturo ang gagamitin sa mga mag-aaral upang maunawaan ang mga akdang pampanitikan. Ang suliraning ito mismo ang matibay na batayan upang kilalanin ang estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral dahil kailangang magkaroon ng pag-uugnay sa mga ito (Reyes, 2009:41-47).

Sa pagsasaalang-alang ng mga nabanggit na suliranin sa pag-aaral ng panitikan, lumabas sa isang sarbey na ang kadalasang binabasang mga aklat ng karamihan sa mga Pilipino ay yaong nakasulat sa wikang Filipino at karamihan ay mga akdang pampanitikan. Ngunit, ang mga nasabing pananaliksik ay kulang ng mga datos at walang pagkakaisa tungkol sa kung ano ang isasama sa mga programang pampanitikan na makapagpapataas sa antas ng kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa panitikang Pilipino. Sa katunayan, iba-iba ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kawilihang magbasa ng mga lokal na mga aklat pampanitikan. Sa isang impormal na pag-aaral na ginawa sa mga mag-aaral ng La Salle sa Lungsod ng Maynila, ang ilan sa mga nabanggit na dahilan sa kanilang kawalan ng kawilihang magbasa ng mga pampanitikang akda ay ang panitikang Pilipino ay baduy o cliché; kakulangan ng mga merkantilismong pamamaraan ng paglalathala; at ang wikang gamit mismo (Sierras at Cordova, 2015:1).

Sa kasalukuyang kurikulum, ang layunin ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa ikapitong baitang ay ang maipamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang rehiyunal upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon. Sa ikatatamo ng mithiing ito, kailangang pahalagahan ang

pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa mga kagamitang panturo ng mga guro, at sa mga isyung likas sa mga mag-aaral kagaya ng kanilang mga istilo sa pag-aaral at ang mga suliraning maaaring kanilang kinakaharap (K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino, 2016:2-4).

Sa karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng panitikan sa ikapitong baitang, mayroong problema kung paano maunawaan ng mga mag-aaral ang lawak at mensaheng mayroon ang isang akda. Batay sa tinayang mean percentage scores (MPS) sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang na 74.12 para sa Taong Panuruan 2016-2017, 74.49 para sa Taong Panuruan 2017-2018, at 73.34 para sa Taong Panuruan 2018-2019, ang mga mag-aaral ay may mababang kakayahang pang-akademiko sa Filipino dahil ang MPS ay mas mababa sa estandard na 75 bahagdan na itinalaga ng DepEd.

Ito ang nagbunsod sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral hinggil sa mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikan ng mga mag-aaral at kung mayroong kaugnayan ang mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar.

Paglalahad ng Suliranin

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral sa

ikapitong baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Pampaaralang Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2019-2020.

Sa katiyakan, sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa nabanggit na mga baryet:

- 1.1 gulang at kasarian;
- 1.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;
- 1.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;
- 1.4 hanapbuhay ng mga magulang;
- 1.5 tirahan;
- 1.6 grado sa unang markahan at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino; at
- 1.7 saloobin sa pag-aaral ng akdang pampanitikan?

2. Ano ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa sumusunod na mga baryet:

- 2.1 gulang at kasarian;
- 2.2 katayuang sibil;
- 2.3 kabuuang buwanang kita ng pamilya;
- 2.4 mataas na edukasyong natamo;
- 2.5 tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino;
- 2.6 salingkurang pagsasanay sa Filipino; at
- 2.7 saloobin hinggil sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan?

3. Ano ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino batay sa kanilang sariling pananaw at ng kanilang mga guro?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro?

5. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Pilipino at ang mga sumusunod:

5.1 profayl baryet ng mga mag-aaral; at

5.2 profayl baryet ng mga guro?

6. Ano ang estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory?

7. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga sumusunod:

7.1 profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot;
at

7.2 suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino?

8. Anong mahalagang implikasyon ang maaaring maibigay ng kalalabasan ng kasalukuyang pag-aaral?

Mga Epotesis

Tinuos ang sumusunod na mga epotesis batay sa inilahad na mga suliranin ng pag-aaral:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang mga sumusunod:

2.1 profayl baryet ng mga mag-aaral; at

2.2 profayl baryet ng mga guro.

3. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga sumusunod:

3.1 profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot;
at

3.2 suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

Batayang Teyoretikal

Mahalagang teorya ang tinalakay sa bahaging ito na nagsilbing gabay upang maunawaan ang kahalagahan ng pag-aaral sa mga suliranin at estilo ng pag-aaral sa panitikan ng mga mag-aaral. Ang mga teoryang ito ay ang mga sumusunod: Learning

Styles Theory na ipinanukala ni Dunn at Dunn (1978:185), Constructivist Learning Theory ni Piaget (Brooks at Brooks, 1993:235-239), at Experiential Learning Theory ni Kolb (McGill at Beaty, 1995:177).

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Learning Styles Theory na ipinanukala nina Dunn at Dunn. Ayon sa nasabing teorya, ang estilo ng pagkatuto ay tumutukoy sa pangkat ng mga personal na katangian na itinakda o dinikta ng proseso ng paglago ng isang tao upang ang mga metodo ng pagkatuto ay mas maging epektibo. Ang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkalahatan ay tumutukoy sa kanilang pagproseso ng bagong impormasyon o kaalaman sa pamamagitan ng kanilang mga pandama. Kaugnay nito, bawat tao ay isinilang na may tiyak na higit na nagugustuhan tungo sa partikular na mga estilo ngunit ang kultura, karanasan, at kalinangan ay naiimpluwensiyahan ng pagkakagusto. Sa katunayan, mayroong apat na estilo ng pagkatuto na maaaring gamitin ng mga mag-aaral, ang biswal, pandinig, pagbasa o pagsulat, at mga gawaing natututuhan sa pagsasagawa (Dunn at Dunn, 1978:185).

Naniniwala ang teoryang ito na mayroong iba't ibang salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral. Ang mga ito ay ang kapaligiran, emosyonal, sosyolohikal, pisyolohikal at sikolohikal na aspeto. Kaugnay nito, natatamo ng mag-aaral ang pinakamataas na antas ng pagkatuto kung sila ay naturuan gamit ang kinilalang mga estilo ng pagkatuto. Samakatwid, ang

mga mag-aaral ay hindi bumabagsak sa pag-aaral dahil sa kurikulum na umiiral sa paaralan, kundi dahil sa gamit na instruksyon na hindi akma sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ang estilo ng pagtuturo ay hindi akma sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ayon sa kanilang tiyak na estilo ng pagkatuto, maliit ang posibilidad na matamo ng mga mag-aaral ang pinakamataas na antas ng pagkatuto (Dunn et al., 2009:1).

Kaugnay nito, dapat na maging maalam ang mga guro sa kung paano natututo ang kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa kanilang mga estilo ng pagkatuto bago gawin ang instruksiyonal na disenyo para sa mga gawaing pansilid aralan. Samakatwid, ang tuon ay dapat nasa istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Dapat isaalang-alang din na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may parehong likas na kakayahan para sa mahigit sa isang estilo. Itong pagkatuto ay maaaring pasiyahan sa pamamagitan ng iba't ibang mga instrumentong pansubok. Kung kaya ang kahulugan ng estilong pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang pinagsama-samang mga salik na katangiang pangkaalaman, pandamdamin at pisyulohikal na aspeto na magsisilbing matibay na kaugnayan sa mga palatandaan kung paano ito mahihiwatigan ng mga mag-aaral, makipagtulungan at tumugon sa kaligirang pagkatuto (Giles et al., 2003:235).

Ayon sa isinasaad na teorya, ang pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga guro na umaasa sa estilo ng

pagkatuto ng mga mag-aaral ang nagbukas ng kanilang mga silid-aralan sa marami kaysa sa isang dulong sa intelektwal na gawain. Ang plinanong mga gawain ng mga guro ay mas nakatuon sa mag-aaral kaysa sa tradisyunal na mga gawain at yaong gumagawa na may estilong pagkatutong nakabatay sa direksyon ng pagtuturo. Bilang karagdagan, kapag nagturo sa indibidwal, ang mga guro ay dapat magpakita ng mas mahirap na mga konsepto sa gustong estilo at magagaan namang mga konsepto ang dapat na maipakilala sa kasalungat, kung saan ang mga guro ay nagtuturo sa buong klase. Dapat gamitin ang lahat ng mga estilo ng pagkatuto sa kanilang mga paglalahad habang sila ay nagtuturo sa bawat mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay din sa Constructivist Learning Theory ni Piaget. Isinasaad ng nasabing teorya na ang mga mag-aaral ay bumubuo ng kaalaman para sa kanila at natututong bumuo ng kahulugan sa kanilang pakikisalamuha sa kapwa. Batay sa teoryang ito, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa pagbuo ng bagong kaalaman. Subalit, magagawa ng mga mag-aaral ang nasabing aktibong pakikilahok kung mayroong mga aktibong estratehiyang gagamitin upang maiugnay ang kasalukuyang kaalaman sa bagong kaalaman (Brooks at Brooks, 1993:235-239).

Kung kaya, dapat tanggapin ng mga guro na hindi lahat ng mag-aaral ay matututo sa magkatulad na paraan. Dagdag na paliwanag nito na kung ang guro pumili ng isang tamang estilo

ng pagtuturo tulad ng direktang pagtuturo o pagkatutong tulungan o pasiyasat na pagkatuto, ang mga mag-aaral ay hindi sinasagad ang kanilang potensyal na pagkatuto. Kaya ang pagsasakatuparan ng mataas na antas ng pagganap ng mga mag-aaral ay yaong pinapayagan silang magkaroon ng pagkakataong matuto sa kahit isang paraan na tutugma sa kanilang estilo ng pagkatuto (Tuan et al., 2005:639-654).

Karamihan ng mga ginagamit na mga materyal sa baitang lampas ng paaralang primarya ay higit sa teksto at panayam na may makabuluhang mga limitasyon. Kung ihahalintulad sa kasalukuyang pag-aaral hinggil sa estilo ng pag-aaral, ang pagbasa ay napakahalagang paraan ng pagkatuto. Subalit, hindi lahat ng mga mag-aaral ay epektibong natututo mula sa pagbabasa. Karamihan sa mag-aaral ay magaling tumugon sa biswal at pandinig na pampasigla sa panayam ngunit malimit na nawawala sa kagamitan o nawawalan ng interes sa paglalahad. Sa ganitong uri ng kapaligiran sa pagkatuto, ang mga mag-aaral ay may limitadong oportunidad sa mga patanong o di kaya hindi komportableng magpahayag ng tanong sa harap ng klase. Kaya, binigyang diin ng konstraktibistang pag-iisip ang pinakamabuting paraan na matuto ay ang kanilang sariling kaalaman sa halip na magkaroon ng ibang gagawa nito para sa kanila. Sa ibang salita, ang mga mag-aaral ay matututong mabuti sa pagsisikap na makagawa ng makabuluhang bagay sa kanilang sarili na may guro na pumapatnubay upang tulungan

sila hanggang makamit ang pagkatuto (Honigsfeld at Dunn, 2009:220-224).

Ang Experiential Learning Theory ni Kolb ay ang ginamit ding batayan para sa pag-aaral na ito. Ayon kay Kolb, ang pagkatuto ay binubuo ng pagtanggap ng mga abstrak na konsepto na maaaring madaliang maidulog sa iba't ibang klase ng sitwasyon. Samakatwid, ang lunsaran ng pagtatamo ng mga bagong konsepto ay ang mga karanasan ng isang mag-aaral. Sa karagdagan, inilarawan din ng nasabing teorya ang apat na prosesong kailangan upang matamo ang pagkatuto ng mag-aaral. Ibig sabihin na ang mga mag-aaral ay matututo sa apat na paraan na may kabuhayan ng pagbuo ng isang paraan na mas matuto pa kaysa sa iba. Ang pagkatuto ay sa pamamagitan ng kongkretong karanasan, obserbasyon at repleksyon, konseptwalismong abstrak, at aktibong mga pagtuklas at pagsubok sa klase. Kaugnay nito, ang bawat mag-aaral ay nagsimulang may kani-kanilang istilong nagugustuhan sa paikot na pagkatutong pangkaranasan (McGill at Beaty, 1995:177).

Samakatwid, kinilala ang apat na estilo ng pagkatuto tulad ng mga taong masaya sa karanasan mismo, gumugugol ng malaking panahon sa pagnilay-nilay at pagsisikap na maglarawan, mga teoyoristang gumagawa ng mga pag-uugnay at lumilikha ng mga ideya mula sa karanasan at mga pragmatikong masaya sa panahon ng pagpapalano.

Sa pangkalahatan maaaring mahinuha na ang mga mag-aaral ay may kalakasan at mga kahinaan sa kani-kanilang mga istilong pampagkatuto. Ang pagkatuto ay makabuluhang mapapataas pa kapag ang mga estilo ng pagkatuto ay maingat na isinasaalang-alang at ang mga suliranin sa pagkatuto ay naiiwasan sa pamamagitan ng paglilimita nang kanilang mga kahinaan upang mapaunlad ang kalidad ng pagkatuto habang patuloy sila sa pag-aaral.

Ang nabanggit na tatlong teorya sa bahaging ito ay nagsilbing matibay na sandigan upang mas lalong matalakay ang kasalukuyang pag-aaral. Nagsilbing matibay na pundasyon ang mga teorya upang mas lalong paigtingin ang pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral.

Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay naglalarawan ng batayang konseptwal ng pag-aaral na naglalaman ng mga baryet, pagkakaugnay-ugnay ng mga baryet, at ng proseso ng pag-aaral.

Makikita sa ibabang kahon ang mga mag-aaral na tagasagot, ang mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan, 2019-2020.

Iniuugnay ang ibabang kahon ng isang palasong pataas sa kahong naglalaman ng mga baryet ng pag-aaral.




Figura 1. Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ay isinalarawan sa pamamagitan ng kanilang mga gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, tirahan, grado sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino, at saloobin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan, na makikita sa itaas na kahon sa kaliwang bahagi ng malaking kahon.

Sa karagdagan, isinalarawan din ang profayl ng mga guro sa pamamagitan ng kanilang mga gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino, salingkurang pagsasanay sa Filipino, at saloobin hinggil pagtuturo ng mga akdang pampanitikan, na makikita sa ibabang kahon sa kaliwang bahagi ng malaking kahon.

Ang mga suliraning kinaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan ay tinaya rin sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng mga pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot mismo at ng mga gurong tagasagot, na makikita sa itaas na kahon sa kanang bahagi ng malaking kahon. Ang estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya rin sa pag-aaral na ito batay sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory, na makikita sa ibabang kahon sa kanang bahagi ng malaking kahon.

Samantala, tinuos ang pagkakaugnay ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Pilipino at ang mga profayl baryet ng mga mag-aaral at ang mga profayl baryet ng mga guro; at ang estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Sa kabilang dako, tinaya rin ang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro.

Ang mga kinalabasan at implikasyon ng pananaliksik na nasa ikatlong maliit na kahon sa itaas ng malaking kahon, ay inaasahang magsisilbing batayan para sa pagpapaunlad ng pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang, na makikita sa biluhabang hugis sa pinakatuktok ng iskema. Ang nasabing mithiin ay sisiguraduhin ng mga fidbak loops sa magkabilang bahagi ng malaking kahon na nag-uugnay sa kahon ng mga kinalabasan at implikasyon ng pag-aaral sa kahon ng mga tagasagot ng pag-aaral sa pinakaibabang bahagi ng iskema.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng mahahalagang ambag sa mga mag-aaral, mga guro, mga

administrador ng paaralan, mga tagamasid sa Filipino, mga matataas na opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon, mga tagapagplano ng kurikulum sa Filipino, mga patnugot ng mga akdang pampanitikan, at mga mananaliksik.

Sa mga Mag-aaral. Ang mga kinalabasan ng pananaliksik na ito ay nagbigay ng kaalaman sa mga mag-aaral tungkol sa mga suliraning kanilang kinakaharap sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Nagkakaroon din sila ng kaalaman hinggil sa kanilang mga estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Ang mga kaalamang nabanggit ay nagsisilbing gabay upang mabigyang solusyon ang kanilang mga suliranin at mabigyang-pansin ang kanilang mga pansariling estilo ng pag-aaral ng panitikan. Sa pamamagitan nito, nagbigay sila ng pagkakataong magsagawa ng mga estilong tugma sa mga kailangan nilang matutunan sa pag-aaral ng panitikang Pilipino na siya ring lilimita sa mga suliraning maaari nilang maranasan sa pag-aaral ng nasabing panitikan. Sa kalaunan, maaari nilang mapaunlad ang kanilang antas ng pagganap sa Filipino lalo na sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

Sa mga Guro. Ang mga kinalabasan ng pananaliksik ay nagbigay sa mga guro sa Filipino ng mahalagang impormasyon hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino, at ng kanilang mga estilo sa pag-aaral ng nasabing panitikan. Ang mga impormasyong ito ay nagbigay sa kanila ng batayan upang mag-isip ng mga takdang

gawain sa silid aralan na nakatugon sa nasabing mga suliranin sa pag-aaral ng panitikan. Sa karagdagan, ang mahalagang impormasyon hinggil sa mga estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral ay nakapagbigay ng batayan sa mga guro na mag-isip ng mga estratehiyang pampagtuturong akma sa kanilang mga pansariling estilo. Sa kabuuan, mas magiging madali sa mga guro ang magbigay ng mga tiyak na takdang aralin sa mga mag-aaral dahil alam nila ang kanilang mga kahinaan at kalakasan.

Sa mga Administrador ng Paaralan. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nakapagbigay sa mga administrador ng paaralan ng ideya upang magsagawa ng mga hakbanging nakapagbigay ng tugon sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pag-aaral ng panitikang Pilipino. Maaaring sumangguni ang mga administrador ng paaralan sa mga matataas na opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon na magdagdag ng mga gawaing pampanitikan sa tuwing ipinagdiriwang ang Buwan ng Wika tuwing Agosto ng bawat taon. Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga administrador na nagbigay ng suhestiyon hinggil sa mga karapatdapat na salingkurang pagsasanay sa mga guro upang mas lalong paunlarin ang kanilang kaalaman sa pagsasagawa ng mga instruksiyonal na disenyo na tugma sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Sa mga Tagamasid sa Filipino. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagsilbing batayang kaalaman upang magsagawa ng isang malawakang pagrebisa sa gabay pang-kurikulum sa Filipino sa antas sekundarya, lalo na sa mga kompetensi sa Filipino sa ikapitong baitang. Sa pamamagitan nito mas mabibigyan ng tuon ang mga gawaing kailangang bigyan ng ibayong pansin, lalo na ang pag-aakma sa mga akdang pampanitikan sa mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Sa mga Matataas na Opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay mahalaga upang paalalahanan ang mga matataas na opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon na hikayatin ang mga guro na bigyan ng pagpapahalaga ang pagtuturo sa panitikang Pilipino na isinaaalang-alang ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Nagbigay ng palaisipan sa mga matataas na opisyal ng Kagawaran ng Pag-aaral ang kalalabasan ng pag-aaral na ito na magplano ng mga salingkurang pagsasanay sa mga gurong nagtuturo ng Filipino na nakatuon sa pagpapa-unlad ng kanilang mga istrategiya sa pagtuturo ayon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Sa mga Tagapagplano ng Kurikulum sa Filipino. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbigay ng batayang impormasyon sa mga tagapagplano ng kurikulum sa Filipino na rebisahin at isaayos ang mga kasalukuyang kompetensi at takdang gawain sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Sa pamamagitan nito, mas napaunlad ang kawilihan ng mga mag-

aaral lalo pa kung ito ay tugma sa kanilang mga kalakasan, kagaya ng kanilang indibidwal na estilo ng pag-aaral.

Sa mga Patnugot ng mga Akdang Pampanitikan. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral ay nagbibigay sa mga patnugot ng mga akdang pampanitikan na makapag-isip ng mga patalastas at iba pang panghikayat na estratehiya upang maibalik at mapagyamang muli ang kawilihan ng mga mag-aaral sa antas sekundarya sa mga akdang pampanitikan. Sa madaling salita, ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing huwaran para magsulat ng mga akdang pampanitikan na tugma sa mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Sa mga Mananaliksik. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nakatulong sa mga mananaliksik bilang karagdagang impormasyon. Magsisilbi itong lunsaran sa gagawin nilang mga pananaliksik sa hinaharap.

Saklaw at Delimitasyon

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral. Ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinukoy gamit ang Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory. Samantala, ginamit ang isang talatanungan upang malikom ang mga datos sa mga piling mag-aaral sa Ikapitong Baitang na nakatala sa K to 12 na Kurikulum ng Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod

ng Catbalogan, at sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa nasabing baitang.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Taong Panuruan 2019-2020.

Katuturan ng mga Talakay

Sa bahaging ito, binigyan ng mga kaukulang konseptwal at operasyunal na kahulugan ang ilang terminong ginamit sa pag-aaral upang lubusang maunawaan ang kabuuan ng pananaliksik.

Akdang Pampanitikan. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga akdang nagpapahayag ng mga kaisipan, damdamin, karanasan, ng mga tao (<http://panitikankarunungangbayan.blogspot.com>, Setyembre 27, 2019,). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga akdang panrehiyunal na tinalakay sa ikapitong baitang batay sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino, kabilang ang mga panitikang lokal ng Luzon, Kabisayaan, at Mindanao.

Estilong Aural o Auditory. Ang salitang ito ay tumutukoy sa estilo ng pag-aaral na nakatuon sa pandamdin ng pakikinig na nangangahulugang ang pagkatuto ay nakatuon sa mga impormasyong narinig o sinasalita; at sa estilong ito, natututong mabuti ang mga mag-aaral mula sa mga panayam, tiyutoryal, pangkatang talakayan, email, gamit ang mobile phones, pagsasalita, at pag-uusap ng bagay-bagay (Fleming at Mills, 1992:1-7). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa estilo ng pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na nakatuon

sa pandamdam ng pakikinig at nagsilbing isa sa mga estilong sinukat sa pag-aaral na ito batay sa mga sagot ng mga mag-aaral sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Estilong Biswal o Visual Learning Style. Ang salitang ito ay tumutukoy sa estilo ng pag-aaral na nakatuon sa pandama ng paningin; ang mga mag-aaral na gumagamit nito ay mas gusto ang paglalarawan ng impormasyon sa mga mapa, sapot gagambang dayagram, tsart, grap, flow tsarts, minarkahang dayagram at lahat ng simbolikong mga palaso, mga bilog, herarkiya at ibang kagamitang pantulong na gamit ng mga guro na katawanin kung ano ang maaaring ipakita sa salita (Fleming at Mills, 1992:1-7). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa estilo ng pag-aaral na gamit ang paningin at ito ay isa sa mga estilong sinukat batay sa mga sagot ng mga mag-aaral sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Estilong Kinesthetic o Kinesthetic Learning Style. Ang salitang ito ay tumutukoy sa nahalata o nadarama na may kaugnayan sa paggamit ng karanasan at pagsasanay na panggawa; ang estilong ito ay naglalarawan sa mga mag-aaral na gusto ang paraang konektado sa realidad, kahit sa pamamagitan ng kongkretong karanasang personal, pagsasanay o panggagaya kasama ang mga demonstrasyon, panggagad at sine ng totoong mga bagay-bagay, tulad ng mga pag-aaral sa kaso, pagsasanay at aplikasyon (Fleming at Mills, 1992:1-7). Sa pag-aaral na

ito, ang salita ay tumukoy sa estilo ng pag-aaral na konektado sa realidad o sa paggamit ng karanasan at pagsasanay na panggawa, at isa sa mga estilong sinukat sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga sagot sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Estilo ng Pagbasa o Reading Learning Style. Ang salitang ito ay tumutukoy sa estilong may kaugnayan sa tanghal na impormasyon bilang mga salita; binigyang diin ang batay sa tekstong input at awtput at pagbasa sa lahat ng mga kayarian, malimit gamit ang Powerpoint, Internet, listahan, mga diksyunaryo, thesaurus, mga sawikain at mga salita (Fleming at Mills, 1992:1-7). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa estilo ng pag-aaral gamit ang tanghal na impormasyon bilang mga salita at isa sa mga estilong sinukat sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga sagot sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Estilo sa Pag-aaral. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga paraan ng pagkatuto ng isang mag-aaral na kung saan ay nagawa niyang mapanatili ang kanyang mga kaalaman, kagaya ng biswal o nakikita, aural o naririnig, at mga gawaing natutunan sa paggawa (Tenedero, 1998:9). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga paraan ng pagkatuto ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral na tagasagot na tinaya batay sa kanilang mga

sagot sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Konstraktibistang Pagkatuto o Pag-Iisip. Ang salitang ito ay nangangahulugang pinakamabuting paaran na matuto batay sa sariling kaalaman ng mga mag-aaral sa halip na magkaroon ng ibang gagawa nito para sa kanila; sa pagkatuto na ito, ang mga mag-aaral ay natututong mabuti sa pagsisikap na makagawa ng makabuluhang bagay sa kanilang sarili na may guro na pumapatnubay upang tulungan sila hanggang makamit ang pagkatuto (Honigsfeld at Dunn, 2009:220-224). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay ginamit upang tukuyin ang kaparehong konseptuwal na kahulugan ng salita.

Panitikan. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagsulat ng tuwiran o tuluyan at patula na nag-uugnay sa isang tao; ito ang mainam na pagsulat na may anyo, pananaw, at diwang nakasasanhi ng matagal na pagtakwil at gana; may hugis, may punto de bista at nakapagpahaba ng kawilihan ng mambabasa ang isang sulating pampanitikan; nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya, at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak, at pangamba (Saucu, 2009:4). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga panitikang Pilipino na pinag-aaralan sa ikapitong baitang ayon sa Gabay Pang-Kurikulum sa Filipino sa ilalim ng K to 12 na Kurikulum.

Panitikang Pilipino. Ang salitang ito ay tumutukoy sa umiiral, umuunlad, at namamayaning uri at anyo ng katutubong panitikan, kabilang ang mga nilikha at ginawa ng mga Pilipinong nasa labas ng bansa; at tinatawag din itong Panitikang Pilipino sapagkat kinabibilangan ito ng mga likhang pampanitikang nagmula at kinabibilangan ng iba't ibang wika sa Pilipinas (Sauco, 2009:4). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay tumukoy sa mga panrehiyunal na panitikang Pilipino na pinag-aaralan sa ikapitong baitang batay sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino.

Saloobin. Ang salitang ito ay tumutukoy sa sikolohikal na konstruk, at mental at emosyonal na aspeto na likas na nagsalarawan sa isang tao; isang komplikadong katangian ng isang tao na maaaring natamo sa pamamagitan ng mga karanasan; at ang estado ng pag-iisip ng isang tao hinggil sa kahalagahan ng isang bagay na makikita o maisasabuhay sa pamamagitan ng aksyon tungo sa isang tao, bagay, o lugar na sa kabilang banda ay nakaka-impluwensya sa kanilang pag-iisip at pagsasagawa ng mga desisyon sa buhay (Allport, 1935:789). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay tiyak na tumukoy sa estado ng pag-iisip ng mga mag-aaral at gurong tagasagot hinggil sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral na tagasagot, at hinggil sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ng mga guro sa Filipino na tinaya sa pamamagitan ng kanilang mga kasagotan sa talatanungan.

Salingkurang Pagsasanay. Ito ay tumutukoy sa mga palatuntunan o mga gawaing layong sanayin o paigtingin ang mga kakayahan at kasanayan ng mga tao hinggil sa iba't ibang mga gawaing kaakibat ng kanilang mga propesyon (<https://issuu.com>, Marso 19, 2020). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa mga dinaluhang pagsasanay ng mga gurong tagasagot at isa sa mga baryet na tinaya upang mailarawan ang mga nasabing guro.

Suliranin. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga pagsubok sa kakayanan ng mga mag-aaral na nalaman at naintindihan ang kanilang mga pinag-aaralan (<http://tl.answers.com>, Setyembre 27, 2019). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga pagsubok na kinaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng mga panitikang Filipino batay sa kanilang mga sagot sa isang talatanungan hinggil dito.

VARK. Ang salitang ito ay isang talatanungan na ginawa nina Fleming at Mills at binuo ng 16 na aytem na may apat na letrang pagpipilian katumbas ng apat na estilo sa pag-aaral na biswal, awditory, reading, at kinestitik (Fleming at Mills, 1992:1-7). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa talatanungang ginamit upang sukatin ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral na tagasagot.

Kabanata 2

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga nirebisang literatura at mga kinalabasan ng mga naunang pananaliksik ng mananaliksik hinggil sa mga suliranin at istilo ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan, at iba pang mga kahalintulad na paksa mula sa mga aklat, dyornal, peryodiko, mga lathalain, mga nailathala at hindi nailathalang materyal.

Mga Kaugnay na Literatura

Ang bahaging ito ay naglalaman ng masusing pagtalakay sa mga paksa hinggil sa mga suliranin at estilo ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan na nagbigay ng ibayong linaw sa suliranin ng kasalukuyang pananaliksik.

Masasabing mayaman ang bansa sa sari-saring anyo at hubog ng panitikan na naglarawan sa kalinangan ng mga Pilipino. Kabilang sa mga ito ang kuwentong bayan, maikling kuwento o malikhaing katha, sanaysay, tula, dula, nobela, drama, balagtasang parabola, bugtong, salawikain, kasabihan, pabula, alamat, bulong, awiting-bayan, epiko, pelikula at mga iskrip na pang-radyo, pan-telebisyon, at pampelikula. Sa katunayan, isinabatas ang pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan ng Pilipinas tuwing buwan ng Abril sa bisa ng Proklamasyon Bilang 968, Serye 2015 (Sauco, 2009:4).

Ang salitang panitikan ay nangangahulugan sa Ingles na Literature at sa Kastila ay Literatura na ang kahulugan ay letra o titik. Ang panitikang Pilipino ay pahayag na pasalita o pasulat ng mga damdaming Pilipino tungkol sa pamumuhay, pag-uugaling panlipunan, paniniwalang pampulitika, at pananampalatayang niyakap ng mga Pilipino. Mayroong tatlong uri ng panitikan, ang panggawaing panitikan, masining na panitikan, at malikhaing panitikan (Arce, 2016:1-8).

Ang panggawaing panitikan ay may layuning mapalaganap ang kaalaman ukol sa gayon at ganitong uri ng gawain at karunungan. Ang masining na panitikan ay tumutukoy sa uri ng panitikan na may kambal na layunin, ang pukawin ang guniguni at gisingin ang damdamin at magturo o maghikayat. Ang malikhaing panitikan ay uri ng panitikan na may layuning tahasang pukawin ang guniguni at damdamin na nakakakita ng saya sa isang paraluman o ideal (Ponce, et al., 2009:86-87).

Ito ay binansagang gayon sapagkat ang paksa ay hindi isang hubad na pangyayari, kundi pangyayaring binigyang-kulay ng isang maalab na damdamin at muling hinubog na guniguni ng kumatha; nauugnay ito hindi lamang sa sarili nating kapakanan o damdamin, iyon ang pangitain ukol sa kahulugan ng buhay para sa puso ng lahat ng tao sa lahat ng panahon; sinisikap nitong pukawin sa atin ang guniguning ito at sa gayong paraan ay gisingin ang mga puso ang mga damdaming nag-uudyok dito upang lumikha at maghandog sa mambabasa; at ang pamamaraan at

ang diwang nilalaman ay nagdudulot ng isang kagalakang nag-aangat sa kalagayan sa buhay (Villafuerte et al., 2010:12).

Sa karagdagan, may mga dahilan kung bakit mahalaga ang pag-aaral ng sariling panitikan. Kabilang sa mga dahilang ito ay ang sumusunod: a) nalalaman ng mga tao ang kanilang kalinangan at kasaysayan; b) nababatid nila ang kalakasan o kahinaan ng kanilang paniniwala at pag-uugali; c) naging matatag at matibay ang kanilang pagkalahi; d) nakilala ang mga kapintasan at kagalingang pampanitikan upang lalong mapayabong; at e) nagkaroon ng pagmamalasakit sa sariling panitikan. Samantala, ang apat na paraan ng pagpapahayag ay ayon sa hinihingi ng hangarin ng panitikan, kagaya ng: a) paglalahad kung nais magpaliwanag; b) paglalarawan kung nais magpahiwatig ng hitsura, anyo, lagay, hugis, kulay at iba pa; c) pagsasalaysay kung nais magpakita ng pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari; at d) pangangatwiran kung nais magpaniwala, manghikayat, o magpaganap.

Subalit, mayroong mga kalagayang nakaaapekto sa panitikan, kabilang ang mga sumusunod: a) klima; b) gawaing pang-araw-araw; c) kinatitirahan; d) lipunan at pulitika; at e) relihiyon at edukasyon. Ang dalawang anyo ng panitikan ay ang anyong patula at tuluyan. Ang anyong patula ay masining na pagsasama-sama ng mga piling kaisipan sa mga taludtod, may sukat at tugma o malayang taludturan. Sa kabilang banda, ang panitikang tuluyan ay gumagamit ng payak at direktang

paglalahad ng kaisipan at maluwag na pagsasama-sama ng mga salita sa katutubong takbo ng pangungusap.

Sa karagdagan, may mga itinurong dahilan sa pag-aaral ng panitikang Pilipino, kabilang ang nakilala ang kalinangang Pilipino; napatibay ang marangal at dakilang tradisyon na nagsilbing patnubay sa mga impluwensya ng ibang mga kabihasnang nanggaling sa iba't ibang mga bansa; nabatid ang mga kaisipan sa panitikan at nakapagsanay at naiwasto ang mga ito; at nalaman ang mga kagalingan sa pagsulat at napagsikapan ito na mapagbuti at mapaunlad (Bigueja, 2013:12).

Sa kabuuan, tumutulong ang panitikan sa pag-unlad ng buong pagkatao ng isang nilalang dahil lumalawak ang kanyang kamalayan at pagpapahalaga sa sarili, sa kapwa, at sa lipunan. Humikayat ng malalim na pag-iisip ang panitikan dahil sa katangi-tangi nitong anyo ng karunungan may mataas na antas ng kaisipan, damdamin, at pananalita na natagpuan sa mga tekstong pampanitikan gaya ng mga sinaunang anyo ng kuwento, tula, dula, nobela, sanaysay, at iba pa (Semorlan-Perez, 2014:1).

Samantala, ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan ay pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita. Ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan ay may katangian at proseso: a) persepsyon o hakbang sa pagkilala sa mga nakalimbag na simbolo at maging sa pagbigkas nang wasto sa mga simbolong nababasa;

b) komprehensyon o pagpoproseso ng mga impormasyon o kaisipang ipinahahayag ng simbolong nakalimbag na binasa; c) reaksiyon o hinahatulan o pinagpapasyahan ang kawastuhan, kahusayan at pagpapahalaga ng isang tekstong binasa; at (d) asimilasyon o isinasama at iniuugnay ang kaalamang nabasa sa mga dati nang kaalaman o karanasan (Rivas, 2009:3-11).

Sa kasalukuyang panahon, ang panitikan ay natutunghayan sa madalian at magaang paraan dahil sa kaunlaran ng teknolohiya. Ang mga awit ay naitatala sa tape recorder at compact disks, ang mga tula ay naisasaplaka, ang mga maikling kwento ay napapakinggan sa mga radyo, naisasatelebisyon ang mga dula, at naisasapelikula ang mga nobela (Arrogante et al., 2000:3).

Samantala, ang mga guro ay ginagamit ang panitikan sa silid-aralan sa pagpapayaman sa wika. Kaugnay nito, ginagamit ng mga mag-aaral ang mga tekstong literasi hindi lamang sa impormasyon kundi binibigyan ng kahulugan ang mga ito. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay lumilinan ng mga kasanayang kritikal at analitikal na aspeto dahil ang mga mag-aaral ay natututong gumawa ng malaya at nailalahad ang mga katwiran na itinaguyod ng mga pinag-aralang tekstong literari. Ang mga talakayan sa panitikan ay naglalahad nang kaugnay na pangangatwiran sa pagkasunod-sunod, dahilan at bunga, motibasyon sa pagkatao, mga hula, pagsasagunita ng mga

aksyon, pagkatao at mga tagpuan, kritikal analisis sa mga kwento, at mga tugong malikhain (Stan, 2015:454-459).

Gayon pa man, ang isyu na ang kaalaman at karanasan dala ng mga mambabasa sa pagbasa ng gawang literasi ay nakaaapekto sa kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa gawain. Ang mga guro at mga mag-aaral ay kulang sa mga kasanayang kritikal sa panitikang pagbasa ay ang mga pinakasuliranin na makikita sa mga silid-aralan. Ang pag-aaral ng panitikan ay sangkot ang mahalagang mga panahon ng kasaysayang pambansa kung kaya ipinagpapalagay na ang pagsulat ng mga piyesang literari ay tinitiyak ng isang lahi, kapaligiran, at mga sandali. Sa ganito, ito ay kinakailangang tingnan ang loob ng kasaysayan ng manunulat, talambuhay, o anumang eksternal sa tekstong literari na pinaniniwalaang may impluwensiya sa pagkalalang (Turner, 1986:224).

Ang pag-aaral ng panitikang Pilipino ay nakaumbok sa loob ng mahabang panahon ng pananakop lalong-lalo na ang mga Amerikano na may impluwensiya sa edukasyon ng mga Pilipino. Samakatwid, ang mga mag-aaral na Pilipino ay naglakbay sa panahon at lugar na di-kilala o alam nila ang wika ay banyaga, ang karanasan ay di pangkaraniwan, ang larawan ay mahiwaga. Sa katotohanan, ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng mga suliranin sa pag-aaral ng panitikan ayon sa mga nabanggit na salik at nagiging dahilan upang hindi sila magkaroon ng

kawilihan sa pag-aaral ng panitikang Pilipino (Evangelista, 2007:1).

Ang nabanggit na mga suliranin ay maaaring maiwasan o malimitahan sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga estilo ng pag-aaral ng mga panitikang Pilipino ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay may iba't ibang pamamaraan ng pagkatuto na maaaring pangkatin sa biswal, awditori, at kinesthetic. Kung alam ng mga mga guro ang pinakamabisang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral mas matutulungan nilang matuto nang mabuti. Halimbawa, ang awral na mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig sa kung ano ang sasabihin ng iba at pinag-uusapan tungkol sa kanilang mga natutuhan. Mas madaling matandaan ang impormasyon nang malakas na pagsasalita na kailangang maipaliwanag ang mga bagay ng pasalita, na maaaring may problema sa mga sinulat na panturo, kausap ang sarili habang natututo sa mga bagong bagay at mawili sa pakikipagtalakayan sa mga grupo tungkol sa sariling pagsasagawa (Baker, 2009:1).

Sa karagdagan, ang biswal na mga mag-aaral sa kabilang panig naman sila ay natututo sa pamamagitan nang panonood. Ito ay pinaniniwalaan na pinakadominanteng estilong pagkatuto na kasama ang mga natatandaang mga detalyeng nakikita, pagkagusto na makikita na sila ay natututo, na nangangailangan na magkaroon ng papel at lapis na

mahahawakan, maglarawan ng walang sigla habang nakikinig at pagnanais na makasulat ng mga tagubilin.

Panghuli, ang kinestitikong mga mag-aaral ay aktibong sangkot ang prosesong pagkatuto at natututong mabuti sa pamamagitan ng direkta, aktwal at praktikal na kilos at mga gawain. Nais nila na aktwal na gawin kahit ano-ano ang pinag-uusapan o natutunan tulad ng paikot na pagkilos habang nakikinig o nag-uusap, malimit na pinag-uusapan ang gamit ng kamay tulad ng pagsalat sa mga bagay upang matutunan ang mga ito, at matandaan ang mga pangyayari sa pamamagitan ng pagbabalik alaala kung sino ang gumawa kaysa sino ang gumawa.

Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng batayang kaalaman hinggil sa mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay ang pagbigay ng pagkakataon sa mga guro na magsagawa ng mga alternatibong gawain sa silid aralan upang pag-ibayuhin ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga guro ay makasusubok sa mga mag-aaral na linangin ang kanilang mga kakayahan sa paggawa ng mga takdang aralin tungkol sa mga akdang pampanitikan. Sa mga akdang pampanitikan, mas nagiging madali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga binabasa kung maiintindihan ang estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, ang kaangkupan ng mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ang kanilang kakayahan sa pagsusulat ng mga akdang pampanitikan ay mahalagang pagtuunan ng pansin (Carbo, 2010:486-494).

Ang estilo sa pagkatuto ng isang bata ay ang paraan ng kanyang pagkatuto na kung saan ay nagagawa niyang mapanatili ang kanyang mga kaalaman. May tatlong pangunahing istilo ng pag-aaral, ang biswal o nakikita, aural o naririnig, at mga gawaing natutunan sa paggawa. Ang mga visual learners ay ang mga mag-aaral na natututo gamit ang kanilang mga mata. Ang mga auditory learners naman ay natututo sa pakikinig. Ang mga kinesthetic learners naman ay natututo sa direkta at praktikal na mga gawain. Kaugnay nito, maaaring ang isang bata ay madaling matuto kung siya ay gumaganap sa mga role-play, o di kaya siya ay nagtatala ng mga sinasabi ng guro. Mayroon ding mga mag-aaral na madaling matuto kung ang guro ay gumagamit ng mga biswal na pagtatanghal o iba pang mga biswal na pantulong. Mayroon din namang madaling makapagmemorya ng mga tula, kwento o iba pang uri ng panitikan (Tenedero, 1998:9).

Ang kaalaman ng estilo ng pagkatuto ng bawat indibidwal ay nakatutulong upang malinang ang kahusayan sa pag-aaral lalo na ng mga panitikang Pilipino. Kung kaya, ang kaalamang ito ay epektibo sa pag-aaral ng isang indibidwal. Mahalaga ang kaalaman sa kapamaraan ng pagkatuto upang maitugma ng tagapagturo ang nararapat na estratehiya na kanyang gagamitin upang maintindihan ng mga mag-aaral ang mga panitikang Pilipino na tatalakayin. Dapat payag ang mga tagapagturo na baguhin ang kanilang estratehiya at teknik sa pagtuturo batay

sa pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng istilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral (<http://www.cuesta.edu>, Setyembre 27, 2019).

Ang mga pagtalakay sa bahaging ito ay nagpamalas ng inaasahang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral at kanilang estilo sa pag-aaral ng mga panitikang Pilipino. Ang mga literatura na binanggit sa bahaging ito ay nagpatibay sa pag-aaral na ito.

Mga Kaugnay na Pag-aaral

Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagtalakay sa mga mahahalagang kinalabasan sa naunang mga pag-aaral na may kinalaman sa naging suliranin ng pag-aaral.

Magulod (2018) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Learning Styles, Study Habits and Academic Performance of Filipino University Students in Applied Science Courses: Implications for Instruction". Ipinakita sa nasabing pag-aaral na ang mga mag-aaral na kumuha ng Applied Sciences ay nagkakagusto sa biswal, pangkatan, at kinesthetic na estilo ng pag-aaral samantalang sila ay nagpahiwatig ng katamtamang paggamit ng mga kagawian sa pag-aaral o study habits. Napagalaman ding may mabuting antas ng pang-akademikong pagganap ang mga mag-aaral na tagasagot. Samantala, sa pagtutuos sa epotesis, napagalaman na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pang-akademikong kaganapan, hanapbuhay ng tatay, at klase ng paaralang sekundarya na

pinagtapusan ng mga mag-aaral. Sa pangkalahatan, mayroong mahalagang kaugnayan sa pagitan ng istilo ng pag-aaral, kagawian sa pag-aaral, at pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Applied Sciences.

Ang pagkakapareho ng naunang pag-aaral sa pag-aaral na isinagawa ay sa paggamit ng estilo ng pagkatuto bilang baryet ng pag-aaral. Subalit, mas malawak ang saklaw ni Magulod dahil pinagtuunan din ng pansin ang kagawian sa pag-aaral at pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral samantalang ang isinagawang pag-aaral ay nakatuon lamang sa mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot. Pangalawa, ang pag-aaral ni Magulod ay linahukan ng mga mag-aaral sa antas tersyarya samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay linahukan ng mga mag-aaral sa ikapitong baiting sa antas sekundarya. Panghuli, ang naunang pag-aaral ni Magulod ay tinaya pati ang pagkakaiba ng mga mag-aaral sa nabanggit na tatlong baryet kompara sa kasalukuyang pananaliksik na ang tinayang pagkakaiba ay limitado sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot at mga guro hinggil sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

Hassan (2018) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Difficulties Facing English Teachers in Teaching Literary Texts at Higher Secondary Level in Bangladesh". Napag-alaman sa pag-aaral na ito na ang lahat ng mga mag-aaral na kalahok

sa pag-aaral ay nakaranas ng suliranin sa wika sa mga binasang teksto. Sa karagdagan, nakaranas din ang mga mag-aaral ng suliranin sa pag-aaral ng mga tula bilang isang uri ng panitikan. Kabilang din sa mga suliraning kinaharap ng mga mag-aaral ay ang hirap sa pagbuo ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan dahil sa kakulangan sa kaalaman sa wikang gamit sa mga nasabing akda; ang puwang sa pagitan ng teksto ng mga akdang pampanitikan at ang pagsusulit na ginamit upang tayain ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa mga nabasang panitikan; at ang kakulangan ng mataas na kasanayan sa Wikang Ingles ng mga mag-aaral na siyang gamit na midyum sa mga panitikang binasa.

Ang pag-aaral ni Hassan ay mahalagang binanggit sa pag-aaral dahil parehong nilayon na alamin ang mga suliraning kinaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan. Sa kabila ng pagkakapareho, ang naunang pag-aaral ay nakatuon sa tula bilang isang mahalagang kategorya ng panitikan, samantalang sa ginawang pag-aaral ay nakatuon sa panitikan sa pangkalahatan. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral ay nakatuon din sa wikang Ingles bilang midyum sa mga panitikang pinag-aralan samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa wikang Filipino bilang midyum.

Galvez (2017) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Assessing the Learning Styles of Senior High School Students of La Consolacion University Philippines: Implications in the Teaching Learning Process". Ayon sa pag-

aaral, karamihan sa mga mag-aaral ay gumamit ng sosyal na estilo ng pagkatuto o sila ay tinaguriang social learners.

Sa kabila ng pagkakaiba ng ginamit na instrumento upang tayain ang mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral, binanggit pa rin ang pag-aaral ni Galvez sa isinagawang pag-aaral dahil parehong nilayong maunawaan ang mga estilo ng pag-aaral. Samantala, ang pag-aaral ni Galvez ay nakatuon sa paggamit sa estilo sa pag-aaral bilang batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa paggamit ng estilo sa pag-aaral upang mas lalong maunawaan ang panitikang Pilipino.

Isikli (2017) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Investigating Problems of English Literature Teaching to EFL High School Students in Turkey with Focus on Language Proficiency". Ayon sa mga gurong tagasagot sa pag-aaral na ito, ang mga suliraning may kinalaman sa pagtuturo ng panitikang Ingles ay dala ng mga salik na nasa mga mag-aaral mismo, lalo na ang kanilang mababang antas ng kakayahan sa wikang Ingles. Batay sa kinalabasan ng isinagawang pagtataya sa kasanayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral, kalahati sa mga kasanayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral na tagasagot ay mas mababa kaysa sa inaasahang antas ayon sa itinalagang pamantayan ng Common European Framework of References for Languages (CEFR). Napatunayan ang kakulangan

ng mga mag-aaral ng kasanayan upang matuto sa panitikang Ingles ayon sa antas na itinakda ng nasyunal na kurikulum.

Ang naunang pag-aaral ni Isikli ay may kahalagahan sa pag-aaral na ginawa dahil parehong nakatuon sa pagtataya sa antas ng pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, parehong nilayong alamin ang mga suliraning may kinalaman sa pag-aaral ng panitikan. Ngunit, mayroong mga tinayang pagkakaiba sa pagitan ng naunang pag-aaral at ang kasalukuyang pag-aaral. Ang naunang pag-aaral ay nakatuon sa panitikang Ingles samantalang ang ginawang pananaliksik ay nakatuon sa panitikang Pilipino. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral ay nakatuon sa mga suliranin hinggil sa pagtuturo ng panitikang Ingles samantalang ang ginawang pag-aaral ay hinggil sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

Dalipi (2017) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Learning Skills and Difficulties Encountered by Students during Acquisition of a Foreign Language for Specific Purpose". Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpahayag na ang pagtatamo at pagkatuto sa isang banyagang wika para sa isang tiyak na layunin ay mahirap at isang hamon para sa mga guro at mga mag-aaral. Ayon pa rin sa mga kinalabasan ng pag-aaral, ang mga suliraning kinaharap ng mga guro at mga mag-aaral ay nagsilbing matibay na pundasyon upang matunghayan ang kaugnayan sa pagitan ng mga gurong may mataas na kasanayan sa banyagang wika at may malawak na kaalaman sa mga tiyak na

disiplina at mga mag-aaral na may kakayahan sa tiyak na disiplina ngunit may kakulangan sa kaalamang pangwika.

Ang dalawang pag-aaral ay parehong nakatuon sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto sa wika at ang kaakibat na mga suliranin sa proseso ng pagkatuto nito. Subalit, ang naunang pananaliksik ay mas malawak ang saklaw dahil inalam nito pati ang kaalaman sa wika ng mga guro at mga mag-aaral na tinayang pinakamahalagang salik sa kakayahang makapagtamo ng mataas na kasanayan sa wika. Ang ginawang pananaliksik ay isang payak na pag-aanalisa sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino.

Lumanog (2016) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Students' Learning Styles and Preferred Teaching Styles of College Freshmen". Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpahiwatig na ang karamihan sa mga mag-aaral ay mga biswal at awditori na nagugustuhan ang facilitator na estilo ng pagtuturo ng kanilang mga guro. Ang karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay nagpahiwatig na ang mabisang pagtuturo ay dapat nakatuon sa mga mag-aaral, at dapat na tugma ang estilo ng pagtuturo ng mga guro at istilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang naunang pananaliksik ni Lumanog ay mahalaga sa ginawang pag-aaral dahil parehong nakatuon sa istilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ngunit, ang naunang pananaliksik ay nakatuon din sa estilo sa pagtuturo ng mga guro samantalang

ang pag-aaral na ginawa ay nakatuon lamang sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral at sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino bilang karagdagang baryet.

Wong (2015) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "A Study of Language Learning Style and Teaching Style Preferences of Hongkong Community College Students and Teachers in English for Academic Purposes (EAP) Contexts". Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpakita na ang mga mag-aaral sa EAP na mga klase ay mayroong iba't ibang gustong estilo ng pagkatuto. Maraming mga salik kabilang ang kultural at edukasyonal ang may kaugnayan sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang mga estilo ng pagkatuto.

Ang pag-aaral ay nakatuon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral kung kaya ito ay may kahalagahan sa ginawang pag-aaral na may kaparehong layon. Subalit, ang naunang pag-aaral ay mas malawak at komplikado dahil tinaya rin ang mga salik na may kaugnayan sa pagkakagusto ng mga mag-aaral sa partikular na mga estilo. Samantala, sa pag-aaral na ginawa, tinaya lamang ang estilo sa pag-aaral ng panitikan ng mga mag-aaral.

Abante (2014) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Learning Styles and Factors Affecting the Learning of General Engineering Students". Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, karamihan ng mga tagasagot ay mga biswal na mag-

aaral. Ang mga salik na labis na naapektuhan ang kanilang pagkatuto ay pisikal, kalusugan, biswal at dipektong pisikal, nutrisyon at pangkatawang pag-unlad at salik pangkapaligiran, uri at kalidad ng mga kagamitang panturo at iba pang kagamitan.

Ang pag-aaral ni Abante ay katulad sa ginawang pag-aaral dahil sa pagtuon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Subalit, ang naunang pag-aaral ay nakatuon din sa mga salik na nakaaapekto sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral, samantalang ang ginawang pag-aaral ay hindi tumalakay sa nasabing baryet, bagkus sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Pilipino. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral ay linahukan ng mga mag-aaral sa antas tersyarya, samantalang ang isinagawang pag-aaral ay linahukan ng mga mag-aaral sa antas sekundarya.

Cuadra (2014) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Mga Paraan ng Pagkatuto ng mga Piling Mag-aaral ng Unang Taon sa Kolehiyo". Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, ang estilong biswal ang pinakaangkop na paraan ng pagkatuto para sa mga mag-aaral sa unang taon ng kursong BSA at BSBAMA. Ang nasabing paraan ng pagkatuto ay higit na nagiging epektibo kung ang isang mag-aaral ay may nakikitang mga visual aids at iba pang pang-edukasyunal na mga bagay. Ayon na rin sa Sistemang VARK, napag-alaman na hindi nagkakalayo ang mga preperensya ng bawat mag-aaral sa mga paraan ng pagkatuto.

Ang naunang pananaliksik ni Cuadra ay may kaugnayan sa ginawang pag-aaral sa kadahilanang, una, parehong nakatuon sa pag-aaral tungkol sa mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ikalawa, parehong gamit ang VARK na sistema na tumatalakay sa mga estilo sa pag-aaral na gamit ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga nasabing pagkakapareho ng dalawang pag-aaral, sila ay magkaiba dahil ang pag-aaral ni Cuadra ay nakatuon sa mga mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo taliwas sa pag-aaral na ginawa ay nakatuon sa mga mag-aaral sa antas sekundarya. Sa karagdagan, ang naunang pananaliksik ay naglayong tukuyin ang kaangkupan ng iba't ibang paraan ng pagkatuto sa mga kursong kinuha ng mga mag-aaral. Samantala, ang ginawang pag-aaral ay nakatuon sa kaugnayan ng mga estilo sa pag-aaral ng mga panitikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kanilang kinakaharap.

Bonito (2014) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang, "Learning Styles and Academic Performance of Students in a Distance Education Course". Ang kinalabasan ay nagpakita ng mataas sa turing na marka sa tanging istilong pagkatuto. Ang mga babae ay nagpakita ng mas mataas na marka kaysa mga lalaki sa lahat ng estilong pagkatuto (biswal, sosyal, pisikal, at berbal) maliban sa nag-iisa at lohikal na estilong pagkatuto kung saan sila ay magkapantay. May positibong kaugnayan na nakita sa pagitan ng biswal, sosyal, pandinig, berbal, nag-iisa at lohikal, maliban sa pisikal na

estilo ng pagkatuto, na naging negatibong kaugnayan sa akademikong performans.

Ang pananaliksik na isinagawa ni Bonito ay mas malalim dahil iniugnay ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong kakayahan. Samantala, ang pag-aaral na ginawa ay hanggang sa pagtukoy lamang ng mga estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino. Sa kabila ng pagkakaiba ng dalawang pag-aaral, ang naunang pag-aaral ay mahalaga sa pananaliksik na ginawa dahil parehong nakatuon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang naunang pag-aaral ay ginawa sa konteksto ng distance education samantala ang isinagawang pag-aaral ay nakabatay sa normal at tradisyunal na klasrum.

Din (2014) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Perceptual Learning Channels of Grade V Pupils and Teachers' Teaching Styles". Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagpakita na karamihan sa mga mag-aaral ay may mababang paggamit ng biswal, awditori, at kinesthetic na pamamaraan ng pagkatuto.

Ang pag-aaral ni Din ay makabuluhan sa pag-aaral na isinagawa dahil parehong nakatuon sa estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Subalit, ang pag-aaral ni Din ay nag-ugnay sa estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at istilo ng pagtuturo ng mga guro. Samantala, ang ginawang pag-aaral ay nilayon lamang na pag-ugnayin ang estilo sa pag-aaral ng mga mag-

aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap sa pag-aaral ng panitikang Pilipino.

Hsiu-Sui (2013) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Difficulties in Studying and Teaching Literature Survey Courses in English Departments in Taiwan". Ang pag-aaral ay nagpahiwatig na ang mga mag-aaral na kumukuha ng mga kursong gamit ang banyagang wika ay may kakulangan sa inaasahang antas ng kasanayan sa wika at pang-kulturang pang-unawa upang maintindihan ang mga teksto ng panitikan. Napagalaman din na ang impluwensiya ng mga guro at ang katangian ng mga mag-aaral ay mga mahahalagang salik na humubog sa mga suliraning kinaharap sa pagkatuto at pagtuturo ng panitikang Ingles. Ang mga institusyunal at instruksyunal na salik kabilang ang mismong kurikulum, mga kinakailangan ng kursong kinuha, at ang layunin ng kurso ay may tuwirang kaugnayan sa mga suliranin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Ingles.

Ang naunang pananaliksik ay mas malawak dahil tinalakay din nito ang mga suliranin hinggil sa pagtuturo ng panitikang Ingles. Ang kasalakuyang pananaliksik ay nakatuon lamang sa mga suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral hinggil sa panitikang Pilipino. Sa kabila ng mga pagkakaiba sa pagitan ng naunang pananaliksik at kasalakuyang pananaliksik, ang pagkakahalintulad ay nakatuon sa kanilang layuning pag-aralan

ang mga suliraning kinakaharap ng mga nagtuturo at nag-aaral ng panitikan.

Pulido (2013) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Iba't Ibang Estilo sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral ng Saint Louis University". Batay sa resulta ng pag-aaral, ang tatlong estilo ng pag-aaral na ginamit ng mga mag-aaral ng Saint Louis University ay ang awditori, biswal, at kinesthetic. Mula sa tatlong estilo ng pag-aaral na ginamit ng mga mag-aaral, ang awditori ang pinakaepektibo, samantala ang kinesthetic ay hindi masyadong tinatangkilik ng mga mag-aaral. Lubos na nakakaapekto sa pag-aaral ng mga mag-aaral ang kapaligiran kumpara sa lahat ng salik.

Ang dalawang pag-aaral ay parehong tumalakay sa iba't ibang estilo sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang pinagkaiba lamang ng pag-aaral ni Pulido at ang huli ay nakatuon sa estilo sa pag-aaral ng mga panitikang Filipino.

Yap (2011) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Kaalaman sa Balarila at Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Unang Taon sa Kolehiyo sa Isang Pang-Maritimang Pamantasan". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, katamtaman lamang ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa balarilang Filipino at mababa naman ang kanilang kaalaman sa panitikan. Napatunayan din sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba ang kaalaman ng mga mag-aaral sa balarila at sa panitikan nang sila ay pinangkat batay sa

paaralang sekondaryang pinanggalingan at kaalamang pang-akademiko. Natuklasan din na walang pagkakaugnay ang kaalaman sa balarila ng mga mag-aaral sa kanilang kaalaman sa panitikan.

Sa kabila ng katotohanang ang pag-aaral ni Yap ay nakatuon sa mga mag-aaral sa isang pang-maritimang pamantasan, ito ay binanggit pa rin sa isinagawang pag-aaral dahil sa parehong layong pag-aralan ang panitikang Filipino. Kung si Yap ay naglayong tukuyin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino, ang ginawang pag-aaral ay inalam ang estilong gamit ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino.

Ang mga nabanggit na pinagbatayang pag-aaral sa bahaging ito ay nagbigay ng matibay na suporta upang maisalarawan nang mabuti ang mga tiyak na katanungan sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng paglalarawan sa pagkakapareho at pagkakaiba ng mga ito sa pananaliksik. Sa huli, ang mga naunang pag-aaral ay ginamit sa pag-aaral na ito upang mas lalong pagtibayin ang mga tiyak na katanungan sa isinagawang pag-aaral.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagtalakay sa mga prosesong ginamit upang mataya, matuos, at maanalisa ang mga datos ng pag-aaral. Kabilang sa mga tinalakay sa bahaging ito ay ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistika.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik na may korelesyunal at komparatibong pag-aanalisa upang tukuyin ang mga suliranin at estilo sa pag-aaral ng panitikang Pilipino ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.

Ang deskriptibong pamamaraan ng pag-aaral ay ginamit upang malaman ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, tirahan, grado sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino, at saloobin sa pag-aaral ng akdang pampanitikan. Ginamit din ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang maisalarawan ang profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ayon sa kanilang gulang at kasarian,

katayuang sibil, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino, salingkurang pagsasanay sa Filipino, at saloobin hinggil sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan.

Sa karagdagan, ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik ay ginamit din upang malaman ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino batay sa kanilang sariling pananaw at ng kanilang mga guro, at ang estilo sa pag-aaral ng panitikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory.

Samantala, ang komparatibong pag-aanalisa ay ginamit upang mataya kung may mahalagang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro.

Ang korelesyunal na pag-aanalisa ay ginamit upang tayain kung may mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino, at ang profayl baryet ng mga mag-aaral at ang profayl baryet ng mga guro; at sa pagitan ng istilo sa pag-aaral ng panitikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang kanilang profayl baryet at ang mga suliraning kinakaharap sa pag-aaral ng panitikang Filipino.

Ang mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay gagamitin upang tayain ang mga datos ng pag-aaral, kabilang ang Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Weighted Mean, t-Test sa Malayang Sample, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), at Fisher's t-Test.

Lokal ng Pag-aaral

Ang Figura 2 ay nagsasalarawan ng lokal ng pag-aaral, ang Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan.

Ang Pambansang Paaralan ng Samar ay siyang itinuturing ina ng mga pansekondaryang paaralan sa Lalawigan ng Samar sa ilalim ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan na naitatag noong 1904. Nagsimula ang pormal na klase noong Enero 1904 na may apat na guro mula sa 17 mga gurong Amerikano na dumating sa Samar. Si Ginoong Fredrick W. Abbot at ang anim na guro ay namahala sa paaralang panlalawigan na ginamit sa pagtuturo ang lumang gusali na tinawag na Presidencia at umupa sa iba't ibang maliliit na mga gusali sa palibot ng sambayanan.

Noong 1915, itinayo ang gusaling may 14 na silid-aralan sa pamamagitan ng pondong local na nagkakahalaga ng Php 27,384.60. Ang gusali ng Pansekondaryang Paaralan ng Samar ay pinasinayaan noong 1917 sa panahon ng pamamahala ni Gobernador Clodualdo Lucero.




Figura 2. Ang Mapa na Nagpapakita ng Lokal ng Pag-aaral

Sa panahon ng pagpapasinaya sa gusaling paaralan, pinangalanan ito ng Pansekondaryang Paaralan ng Catbalogan at sa huli ito ay pinangalanan na Pansekondaryang Paaralan ng Samar. Noong Disyembre 8, 1941, ang Pansekondaryang Paaralan ng Samar ay isinara dahil sa pagputok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pagkatapos ng digmaan, ang Kagawaran ng Edukasyon ay muling binuksan ang lahat ng mga paaralan sa buong Pilipinas noong taong 1945 kasama ang Pansekondaryang Paaralan ng Samar. Noong Hunyo 19, 1964, si Kongresista Fernando Veloso ng Batas Republika Blg 439 sa ilalim ng Ikalimang Pagpupulong ng Kongreso ng buong Republika ng Pilipinas na naipasa ang pagbabago ng Pansekondaryang Paaralan ng Samar sa kasalukuyan nitong pagka Pambansang Paaralang katayuan na kinilalang Pambansang Paaralan ng Samar na naging nangunang paaralan ng edukasyong pansekondarya ng Samar.

Sa pamununo ni Ginoong Antonio F. Caveiro at Dr. Luz C. Macairan bilang Punong-Guro ng Pambansang Paaralan ng Samar, isinasaisip ng paaralan na maging paaralang may kahusayan sa edukasyon, kung saan ang teknolohiyang ginagamit ay napakahusay na magtataguyod ng masteri sa nilalaman at kalugud-lugod na mga valyus kabilang ang mga administrador, mga guro, at mga mag-aaral na tutugon sa mga pangangailangan ng lipunan. Gayon din nangakong itataas ang kalidad ng buhay na ipagkakaloob ng edukasyon na ang layunin na malinang ang

mga kakayahang pisikal, mental at ispiritwal ng mga mag-aaral, ipagkaloob sa kanila ang mga karanasan sa demokratikong paraan ng buhay at isaisip ang kinakailangan, matapat, produktibo at makabayang mamamayan na may paninindigan sa mga pangangailangan ng komunidad at ng bansa (School Improvement Plan, 2016).

Instrumentasyon

Ang talatanungan ang nagsilbing instrumento sa paglikom ng mga datos ng kasalukuyang pag-aaral.

Dalawang uri ng talatanungan ang ginamit na instrumento sa paglikom ng mga datos. Ang isang uri ng talatanungan ay mayroong tatlong bahagi samantalang ang ikalawang uri ng talatanungan ay halaw sa VARK Learning Styles Questionnaire nina Fleming at Mills.

Ang isang uri ng talatanungan ay ginawa para sa dalawang pangkat ng tagasagot, para sa mga mag-aaral at sa mga gurong nagtuturo ng Filipino. Ang parehong talatanungan ay mayroong tatlong bahagi: a) Profayl ng mga Tagasagot, b) Saloobin hinggil sa Pag-aaral ng mga Akdang Pampanitikan sa mga mag-aaral na tagasagot, at saloobin hinggil sa Pagtuturo ng mga Akdang Pampanitikan para sa mga gurong tagasagot, at c) Suliraning kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Panitikang Filipino. Ang unang bahagi ng talatanungan ay pinaghalong supply na uri at tseklist na naglalaman ng mga

impormasyon hinggil sa personal na mga katangian ng mga tagasagot katulad ng kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, hanapbuhay ng mga magulang, katayuang sibil, sanligang edukasyon ng mga magulang, at iba pa. Ang mga tagasagot ay inatasang punan ang mga puwang ng mga tamang impormasyon at lagyan ng tsek ang mga puwang sa bawat aytem.

Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay isang tseklist tungkol sa mga saloobin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan para sa mga mag-aaral na tagasagot at saloobin hinggil sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan para sa mga gurong tagasagot. Ito ay mayroong 10 aytem na may limang takdang panukat na: 5 para sa Lubos na Sumasang-ayon, 4 para sa Sumasang-ayon, 3 para sa Hindi Sigurado, 2 para sa Hindi Sumasang-ayon, at 1 para sa Lubos na Hindi Sumasang-ayon. Ang ikatlong bahagi ng talatanungan ay isa ring tseklist tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral hinggil sa pag-aaral ng mga panitikang Filipino. Ito ay binuo ng 10 aytem na may limang iskalang panukat: 5 for Palaging Nararanasan, 4 for Madalas Nararanasan, 3 for Madalang Nararanasan, 2 for Di-Gaanong Nararanasan, and 1 for Di-Nararanasan.

Ang isa pang uri ng talatanungang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang VARK Learning Styles Questionnaire nina Fleming at Mills (1992:1-7). Ang talatanungang ito ay binuo ng 16 na aytems na may apat na letrang pagpipilian. Ito ay may tsart

ng pagtutuos ng mga iskor ng mga mag-aaral na katumbas ng apat na estilo sa pag-aaral na biswal, awditory, reading, at kinestitik. Ang bawat isang letra sa mga aytems ay may angkop na estilo sa pag-aaral batay sa tsart na nakalagay sa Apendiks ng pag-aaral na ito. Pagkatapos na maitala ang mga angkop na estilo sa pag-aaral batay sa mga sagot na letra, binilang ang kanilang mga iskor sa nasabing mga estilo. Ang estilo na may pinakamataas na iskor ay ang tinayang pinakagusto o preferred na estilo ng pag-aaral ng mga mag-aaal na tagasagot.

Balidasyon ng Instrumento

Ang talatanungan ay sumailalim sa balidasyon upang matiyak ang katatagan nito at ang kakayahan nito na makalap ang mga datos ayon sa paglalalahad ng mga suliranin. Ito ay dahil ang talatanungan ay sariling gawa ng mananaliksik.

Tinaya ang balidasyon ng talatanungan ayon sa kaayusan ng kontent nito sa pamamagitan ng pagpapakita ng borador nito sa mga eksperto. Ang kopya ng borador ng talatanungan ay isinumite sa tagapayo at sa tagapangulo ng pasalitang pagsusulit upang suriin kung ang kontent ay ayon sa mga suliranin. Pagkatapos isangguni ang talatanungan sa mga eksperto, ito ay nirebisa at iniakma sa mga suhestiyong ibinigay ng tagapayo. Pagkatapos nito, inihanda ang pinal na porma ng talatanungan para sa pilot testing sa isang buong klase ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Silanga

National High School, upang sukatin ang kakayahan nitong makalap ang mga datos ayon sa paglalahad ng mga suliranin.

Tinuos ang sagot ng mga mag-aaral sa isinagawang pilot testing sa 0.97, masasabing mataas ayon sa pagpapakahulugan gamit ang iskala sa ibaba. Kung kaya ang talatanungan ay masasabing may katatagan at kakayahang makalap ang mga datos ayon sa paglalahad ng mga suliranin. Ang Visual-Auditory-Reading-Kinesthetic Learning Style Inventory, ay hindi na kailangan sumailalim sa balidasyon dahil ito ay halaw sa isang istandard na pinagkunan.

<u>Katatagan</u>	<u>Degri ng Katatagan</u>
0.95 - 0.99	Pinakamataas na degri ng katatagan, Bihirang makita sa mga pagsusulit na gawa ng mga guro o mga estandard na pagsusulit
0.90 - 0.94	Mataas na degri ng katatagan, maihahalin-tulad sa ibang mga pagsusulit
0.80 - 0.89	Katamtamang degri ng katatagan, sapat para sa isahang pagsusulit
0.70 - 0.79	Mababang degri ng katatagan, sapat para sa pangkatang pagsusulit pero hindi sapat para sa isahang pagsusulit

Pamamaraang Sampling

Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar,

Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, at ang kanilang mga guro sa Filipino sa Taong Panuruan 2019-2020. Upang matukoy ang mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral na ito, ginamit ang Slovin's Formula sa ibaba (Sevilla et al., 1992:182):

$$n = N / (1 + N e^2)$$

kung saan n = sample size

N = total population

e^2 = margin of error

Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ay tinaya sa 1,094 at ang sample size ay tinuos sa 293. Ang bawat indibidwal na mag-aaral na tagasagot ay pinili gamit ang stratified random sampling with replacement gamit ang kanilang mga pangkat bilang stratum. Ang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat ay makikita sa Talahanayan 1. Makikita sa talahanayan na ang dami ng mga mag-aaral na tagasagot ay ayon sa dami ng mga mag-aaral na nakatala sa bawat pangkat.

Halimbawa, sa Pangkat 1, ang mga nakatalang mag-aaral ay nasa 41 kung kaya 11 ang mga mag-aaral na ginawang tagasagot sa pag-aaral na ito. Sa kabilang dako, ang Pangkat 3 na may 37 mag-aaral na nakatala ay kinunan ng 10 mag-aaral bilang tagasagot. Pagkatapos na matukoy ang tamang bilang ng mga mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat, ang lottery method ang paraang ginamit upang matukoy ang tiyak na mag-aaral na tagasagot sa bawat pangkat.

Talahanayan 1

Ang mga Mag-aaral na Tagasagot

Pangkat	Kabuuang Bilang	Sample
Pangkat 1	41	11
Pangkat 2	40	11
Pangkat 3	37	10
Pangkat 4	38	10
Pangkat 5	46	12
Pangkat 6	39	10
Pangkat 8	42	11
Pangkat 9	40	11
Pangkat 10	39	10
Pangkat 11	36	10
Pangkat 12	35	9
Pangkat 13	39	10
Pangkat 14	34	9
Pangkat 15	38	10
Pangkat 16	38	10
Pangkat 17	41	11
Pangkat 18	43	12
Pangkat 19	41	11
Pangkat 20	41	11
Pangkat 21	40	11
Pangkat 22	35	9
Pangkat 23	38	10
Pangkat 24	34	9
Pangkat 25	47	13
Pangkat 26	48	13
Pangkat 27	23	6
Pangkat 28	37	10
Pangkat 29	37	10
Pangkat 30	7	2
Pangkat 31	1	1
Kabuuan	1094	293

Sa paraang ito, lahat ng mga pangalan ng mga mag-aaral na nakatala sa kasalukuyang panuruan ay isa-isang isinulat sa binilot na papel at inilagay sa fishbowl at binola hanggang sa makuha ang tamang bilang ng mga tagasagot. Ang mga pangalan ng mga mag-aaral na nabunot ang siyang nagsilbing tagasagot at siyang binigyan ng talatanungan.

Sa kabilang banda, ang mga gurong tagasagot ay tinaya sa 19 gamit ang kabuuang bilang o universal sampling.

Paglikom ng mga Datos

Ang paglikom ng mga datos ay isinagawa sa pamamagitan ng isang sarbey gamit ang talatanungan. Bago isinagawa ang nasabing sarbey, humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Pansangay na Tagapamanihala ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, na maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Gumawa rin ng kaparehong sulat paghingi ng pahintulot mula sa Punong-guro ng Pambansang Paaralan ng Samar upang maipamudmod ang mga talatanungan sa mga mag-aaral at mga gurong tagasagot nang maaga at sigurado. Para matiyak ng sigurado ang mga datos, ang mananaliksik ay personal na pumunta sa mga klase ng mga mag-aaral at gurong tagasagot upang maipamudmod ang talatanungan.

Inisa-isa ang pamimigay ng mga talatanungan sa bawat napiling tagasagot sa tulong na rin ng mga tagapayo ng bawat klase sa Filipino. Walang ibinigay na takdang oras upang magkaroon ng sapat na panahon ang pagsagot nang buong laya. Pagkatapos ay kinolekta ang mga talatanungan, inayos, inisa-isa, sinuri, at itinala.

Isinagawa ang paglikom ng mga datos mula Enero hanggang Pebrero 2020.

Paglalapad Estadistika ng mga Datos

Ang mga estadistikang panukat na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang Dalas ng Bilang o Frequency Count, Bahagdan o Percentage, Tamtaman o Mean, Standard Deviation, Weighted Mean, t-Test sa Malayang Sample, Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r), at Fisher's t-Test.

Dalas ng Bilang o Frequency Count. Ang dalas ng bilang o frequency count ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay ng mga datos personal ng mga tagasagot ayon sa dalas ng bilang. Tinaya ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot gamit ang estadistikang ito ayon sa kanilang mga gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, tirahan, grado sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino, at saloobin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan. Tinaya rin ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa kanilang mga gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino, salingkurang pagsasanay sa Filipino, at saloobin hinggil pagtuturo ng mga akdang pampanitikan.

Bahagdan o Percentage. Ang bahagdan ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay sa mga datos personal ng mga mag-aaral na tagasagot, kagaya ng kanilang mga gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, tirahan, grado sa una

at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino, at saloobin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan.

Ang estadistikang ito rin ang ginamit upang mataya ang bahagdan ng mga gurong tagasagot ayon sa kanilang mga gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino, salingkurang pagsasanay sa Filipino, at saloobin hinggil pagtuturo ng mga akdang pampanitikan.

Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$P = f/N \times 100$$

kung saan:

P = ang natasang bahagan;

F = dalas ng bilang ng kategorya ng personal na datos

N = kabuuang bilang ng tagasagot.

Tamtaman o Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi o pagkahilig ng mga datos tulad ng gulang, at iba pang datos.

Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:35):

$$\mu = \frac{\sum X}{N}$$

Kung saan:

$\bar{\mu}$ = ang natayang mean;

X = ang valyu ng nasumpungang varyabol; and

N = ang kabuuang bilang ng sampol.

Standard Deviation. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, at iba pa.

Ang pormulang ginamit ay (Freud and Simon, 1992:52):

$$\sigma = \sqrt{\frac{1}{N} \sum_{i=1}^N (x_i - \mu)^2}$$

kung saan: σ ay ang natayang standard deviation;
 $x_i - \mu^2$ ang squared deviation sa pagitan ng
 score ng categorical value at ang mean; at
 N ay ang kabuuang bilang ng sampol.

Weighted Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit sa pagkuha ng mga saloobin hinggil sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral na tagasagot, at ng mga saloobin hinggil sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ng mga gurong tagasagot. Tinaya ang mga datos gamit ang sumusunod na pormula (Freud at Simon, 1992:35):

$$\mu_w = \frac{\sum f_i W_i}{N}$$

kung saan: μ_w = ay ang natayang weighted mean;
 f = ang dalas ng bilang ng nasumpungang
 kategorya;
 W = ang assigned weight ayon sa iskalang
 Likert na limang puntos; at

N = ang kabuuang bilang ng sampol

Binigyan ng mga kaukulang panumbas ang kinalabasan para sa pagpapakahulugan gamit ang mga patnubay sa ibaba.

Iskala	Lawak	Interpretasyon
5	4.40-5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LS) Palaging Nararanasan (PN)
4	3.50-4.49	Sumasang-ayon (S) Madalas Nararanasan (MN)
3	2.50-3.49	Hindi Tiyak (HT) Madalang Nararanasan (MNa)
2	1.50-2.49	Di-Sumasang-ayon (DS) Di-Gaanong Nararanasan (DGN)
1	1.00-1.49	Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS) Di-Nararanasan (DN)

t-Test para sa Malayang Sample. Ang estadistikang ito ay ginamit upang matukoy kung may mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino gamit ang pormula sa ibaba.

$$t = \frac{\bar{X}_1 - \bar{X}_2}{\sqrt{S_p^2 \left(\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_2} \right)}}$$

kung saan:

t tumutukoy sa kinumpyut na t-test para sa malayang samples

$\overline{X}_1$ tumutukoy sa tamtaman ng unang pangkat

$\overline{X}_2$ tumutukoy sa tamtaman ng pangalawang pangkat

S_p^2 tumutukoy sa pooled variance

$\overline{N}_1$ tumutukoy sa sample size ng unang pangkat

$\overline{N}_2$ tumutukoy sa sample size ng pangalawang pangkat

Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation

(Pearson's r). Ginamit ang Pearson's r sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang mga profayl baryet ng mga mag-aaral at ang mga profayl baryet ng mga guro; at ang istilo sa pag-aaral ng panitikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino (Freud and Simon, 1992:35):

$$r_{xy} = \frac{N\sum xy - (\sum x)(\sum y)}{\sqrt{[N\sum x^2 - (\sum x)^2][N\sum y^2 - (\sum y)^2]}}$$

Kung saan: r = the computed statistical value

x = the independent variables (factors)

y = the predicted variable

N = the number of cases

$\sum$ = the summation notation

Talahanayan 2

Degri ng Linear Relationship

Coefficient of Linear Association	Interpretation
0	No linear association
$0 < p < +0.2$	Very weak linear association
$+0.2 \leq p < +0.4$	Weak linear association
$+0.4 \leq p < +0.6$	Moderate linear association
$+0.6 \leq p < +0.8$	Strong linear association
$+0.8 \leq p < +1.0$	Very strong linear association
$+1.0$	Perfect linear association

Ang degri ng korelasyon ay binigyang interpretasyon batay sa Talahanayan ng Degri ng Linear Relationship na minungkahi ng SRTC (2003:104):

Fisher's t-Test. Ginamit ang estadistikang ito upang masubok ang halaga ng nakuhang Pearson's r.

Ang pormulang gagamitin ay (Best and Khan, 1998: 402-403):

$$t = r \sqrt{\frac{N - 2}{1 - r^2}}$$

Where: t ay tumutukoy sa natuos na Fisher's t;
 r ay tumutukoy sa halaga ng Pearson r; at
 N ay tumutukoy sa bilang ng paired na sampol

Ang mga ipotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga. Sa paggawa ng desisyon kung mahalaga o hindi ang ipotesis, ang tinayang valyu ay inihambing sa kritikal na valyu o ang p valyu ay inihambing sa antas ng halaga. Ang sumusunod na mga

panuntunan ay sinunod: tinanggap ang epotesis kung ang tinayang valyu ay mas mababa kaysa sa kritikal na valyu o kung ang p valyu ay lumabas na mas mataas sa antas ng halaga sa $\alpha=0.05$; hindi tinanggap ang ipotesis kung ang tinayang valyu ay kaparehas o mas mataas sa kritikal na valyu o kung ang p valyu ay lumabas na parehas o mas mababa sa antas ng halaga sa $\alpha=0.05$.

Kabanata 4

PAGLALAHAD, PAG-AANALISA AT PAGPAPAKAHULUGAN NG DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga datos na nakalap sa pag-aaral na may kasamang pag-aanalisa at pagpapakahulugan ng mga ito. Kalakip dito ay ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, profayl ng mga gurong nagtuturo ng Filipino, mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino batay sa kanilang sariling pananaw at ng kanilang mga guro, at mahalagang pagkakaiba sa pananaw hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino sa pagitan ng mga mag-aaral na tagasagot at ng kanilang mga guro.

Tinuos din sa pag-aaral na ito ang kaugnayan sa pagitan ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral na tagasagot sa pag-aaral ng panitikang Filipino at ang profayl baryet ng mga mag-aaral at profayl baryet ng mga guro; ang estilo sa pag-aaral ng panitikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot; mahalagang kaugnayan sa pagitan ng estilo sa pag-aaral ng panitikang Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot at suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang Filipino at mahalagang implikasyon ang maaaring maibigay ng kalalabasan ng kasalukuyang pag-aaral.

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay naglalahad ng profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, lugar o tirahan, grado sa una at ikalawang markahan sa asignaturang Filipino at saloobin sa pag-aaral ng akdang pampanitikan.

Gulang at Kasarian. Ang Talahanayan 3 ay naghahayag ng gulang at kasarian ng mga mag-aaral na tagaagot.

Mula sa naturang talahanayan ay mababatid na ang

Talahanayan 3

Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Gulang	Kasarian			Kabuuan	Bahagdan
	Lalaki	Babae	Di-Binanggit		
16	1	0	0	1	0.34
15	1	1	0	2	0.68
14	11	14	0	25	8.50
13	62	65	0	127	43.20
12	67	71	0	138	46.94
Di-Binanggit	0	0	1	1	0.34
Kabuuan	142	151	1	294	100.00
Bahagdan	48.30	51.40	0.30	100.00	
Tamtaman	12.64 taon gulang				
S.D.	0.70 taon				

pinakamatandang mag-aaral na tagasagot ay nasa ika 16 taon gulang at ang pinakabata ay 12 taon gulang. May iilan sa mga mag-aaral na tagasagot ay nasa 12 taon gulang na binubuo ng 138 o 46.94 bahagdan samantala ang 127 o 43.20 bahagdan ay nasa ika 13 taong gulang at ang iba ay naibabahagi sa iba pang taon gulang.

Ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 12.64 taon gulang na may estandard na pagitan na 0.70 taon lamang. Ibig ipahiwatig dito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay nasa angkop na taon gulang para sa kasalukuyang lebel ng kanilang pag-aaral. Sila ay magkakaedad lamang kung kaya't ang kanilang interes sa pag-aaral ay halos magkakapareho lang.

Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na binubuo ng 151 o 51.4 bahagdan. Ang mga lalaki ay binubuo ng 142 o 48.30 bahagdan lamang. Ito ay naghahayag na mas nakakalamang ang dami ng mga babae sa lalaki pero hindi ibig sabihin dito na walang interes sa pag-aaral ang mga lalaki. Nagkataon lamang na mas madami ang mga mag-aaral na babae sa oras ng pangangalap ng datos.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng kabuuang buwanang kita ng pamilya.

Dito ay mababatid na ang 113 o 38.44 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay may kabuuang buwanang kita na Php5,000.00 at pababa, ang 84 o 28.57 bahagdan naman ay

Talahanayan 4

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Buwanang Kita	Bilang	Bahagdan
Php20,001.00 at pataas	27	9.18
Php15,001.00-Php20,000.00	29	9.86
Php10,001.00-Php15,000.00	41	13.95
Php5,001.00-Php10,000.00	84	28.57
Php5,000.00 at pababa	113	38.44
Kabuuan	294	100.00

kumikita ng Php5,001.00-Php10,000.00 kada buwan, 41 0 13.95 bahagdan ay kumikita ng Php10,001.00-Php15,000.00 buwan buwan at ang iba naman ay nababahagi sa iba pang buwanang kita.

Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may regular na buwang kita na nagagamit sa pang-araw-araw na pangangailangan nila. Bagama't maliit lamang subali't tinitiyak ng mga magulang na makapag-aral ang kanilang anak na nagpapakita na kinikilala ng mga magulang ang kahalagahan ng edukasyon sa buhay ng kanikanilang mga anak.

Sanligang Edukasyon ng Magulang. Ang Talahanayan 5 ay nagsasaad ng sanligang edukasyon ng mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa Talahanayan 5 ay mababatid na 68 0 23.13 bahagdan sa mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot

Talahanayan 5

Sanligang Edukasyon ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Lebel ng Edukasyon	Tatay		Nanay	
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan
Gradwado ng Gradwadong Pag-aaral	21	7.14	27	9.18
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral	4	1.36	11	3.74
Gradwado ng Kolehiyo	37	12.58	39	13.26
Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos	20	6.80	32	10.88
Nakapagtapos ng Sekundarya	41	13.95	42	14.29
Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos	49	16.67	55	18.71
Nakapagtapos ng Elementarya	54	18.37	40	13.61
Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos	68	23.13	48	16.33
Kabuuan	294	100.00	294	100.00

ay umabot ng elementarya pero hindi nakapagtapos, 54 o 18.37 bahagdan ang nakapagtapos ng elementarya, 49 o 16.67 bahagdan ay umabot ng sekundarya pero hindi nakapagtapos, 41 o 13.95 bahagdan ay nakapagtapos ng sekundarya, 37 o 12.50 bahagdan ang gradwado ng kolehiyo at ang iba ay naibabahagi sa iba pang lebel ng edukasyon.

Sa kabilang banda, 55 o 18.71 bahagdan sa mga nanay ay umabot ng sekundarya pero hindi nakapagtapos, 48 o 16.33 bahagdan ang umabot ng elementarya pero hindi nakapagtapos, 42 o 14.29 bahagdan ang nakapagtapos ng sekundarya, 39 o 13.26

bahagdan ang gradwado ng kolehiyo, 32 o 10.88 bahagdan ang umabot ng kolehiyo pero hindi nakapagtapos at ang iba ay naibabahagi sa iba pang lebel ng edukasyon.

And datos na ito ay nagsasaad na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay pawang literado. Ibig sabihin nito, sila ay may kakayahang bumasa, sumulat at umintindi ng mg simpleng mensahe na maaaring maging udyok upang sila ay makatulog sa pag-aaral ng kani-kanilang mga anak.

Hanapbuhay ng Magulang. Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng hanapbuhay ng mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Mula sa naturang talahanayan ay mababatid na 98 o 33.33 bahagdan ng mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot ay may sariling negosyo, ang iba naman ay may ibang hanapbuhay na binubuo ng 90 o 30.61 bahagdan at ang iba ay nababahagi sa iba pang hanapbuhay.

Sa panig ng mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot, 84 o 28.57 ay may sariling negosyo, ngunit higit na nakararami ang mga nasa bahay lamang na binubuo ng 115 or 45.92 bahagdan. Ang natitirang mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot ay nababahagi sa iba pang hanapbuhay.

Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may hanapbuhay na pinagkukunan ng regular na buwang kita na pangtustos sa mga

Talahanayan 6

Hanapbuhay ng Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Hanapbuhay	Tatay		Nanay	
	Bilang	Bahagdan	Bilang	Bahagdan
Nagtatrabaho sa Pampublikong Opisina	44	14.97	20	6.81
Nagtatrabaho sa Pribadong Opisina	11	3.74	13	4.42
Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan	5	1.70	9	3.06
Nagtuturo sa Pribadong Paaralan	2	0.68	7	2.38
May Sariling Negosyo (Self-Employed)	98	33.33	84	28.57
Nagpapraktis ng Propesyon (Pagiging Doktor)	0	0.00	1	0.34
Naglilingkod sa Sandatahang Lakas (AFP)	6	2.04	2	0.68
Naglilingkod sa Sangay ng Kapulisan (PNP)	5	1.70	0	0.00
Nagtatrabaho bilang Manggagawa sa Labas ng Bansa	5	1.70	21	7.14
Iba Pang Hanapbuhay	90	30.61	2	0.68
Nasa Bahay Lamang	28	9.53	135	45.92
Kabuuan	294	100.00	294	100.00

gastusin ng pamilya. Karamihan sa kanila ay mga tatay na siyang bread winner ng pamilya. Bagama't karamihan sa mga nanay ay nasa bahay lamang, hindi matatawaran ang naiaambag nila para sa kapakanan ng pamilya kung saan sila ang nag-aasikaso sa mga pangangailangan nito. Sila ay mga katuwang ng mga tatay sa pagtaguyod ng kanilang pamilya.

Lugar o Tirahan. Ang Talahanayan 7 ay naghahayag ng

Talahanayan 7

Lugar o Tirahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Lugar o Tirahan	Bilang	Bahagdan
Poblasyon o Sentro ng Lungsod (Hal. Brgy. 10)	179	60.89
Barangay sa Labas ng Lungsod (Hal. Brgy. Guinsorongan)	80	27.21
Barangay sa mga Bulubunduking Bahagi ng Lungsod (Hal. Brgy. Cagudalo)	24	8.16
Barangay sa mga Baybaying Bahagi ng Lungsod (Hal. Brgy. Darahuway Daco)	10	3.40
Di-Binanggit	1	0.34
Kabuuan	294	100.00

lugar o tirahan ng mga mag-aaral na tagasagot.

Dito mababatid na karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay nakatira sa poblasyon o sentro ng lungsod, 80 o 27.21 bahagdan ang nakatira sa barangay sa labas ng lungsod at ang iba ay nabahagi sa iba pang lugar o tinitirahan.

Ang datos na ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na tagasagot ay nasa malapit lang sa kani-kanilang paaralan kung saan ito ay kanilang mapupuntahan ng madalian. Inaasahan dito na madalas ang pagpasok nila sa paaralan at minsanan lang kung sila ay lumiban dito.

Grado sa Una at Pangalawang Markahan. Ang Talahanayan 8 ay naghahayag ng grado ng mga mag-aaral sa una at pangalawang markahan.

Talahanayan 8

Grado ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Una at Pangalawang Markahan

Markahan	Tamtamang Grado	S.D.
Unang Markahan	83.01	4.14
Pangalawang Markahan	83.73	4.64
Pangkalahatang Grado	83.37	4.01

Sa naipapakita ng Talahanayan 8, ang mga mag-aaral na tagasagot ay nakakuha ng tamtamang grado sa unang markahan na 83.01 na may istandard na kaibhan na 4.14 at sa ikalawang markahan, sila ay nakakuha ng gradong 83.73 na may estandard na kaibahan 4.64.

Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay nagtamo ng gradong 83.37 sa una ang pangalawang markahan na may istandard na kaibhan na 4.01. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may kaaya-ayang performans sa asignaturang Filipino kung saan ang naturang marka ay lagpas pa sa mastery lebel na inaasahan ng Kagawaran ng Edukasyon na 75 bahagdan.

Saloobin sa Pag-aaral ng Akdang Pampanitikan. Ang Talahanayan 9 ay naghahayag ng saloobin ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa pag-aaral ng akdang pampanitikan.

Talahanayan 9

Saloobin ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pag-aaral ng Akdang Pampanitikan

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
1. Ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ay sagisag ng pagmamahal sa kultura ng bansa.	4.44	S
2. Ang mga akdang pampanitikang Filipino ay simbolo ng pagkakabuklod-buklod ng lahing Pilipino na masasalamain sa mga nasabing akda.	3.94	S
3. Ang pag-aaral ng mga panitikang Filipino ay isang paraan upang mas maipaintindi sa mga mag-aaral ang kahalagahan nito bilang simbolo ng identidad ng bawat isang mamamayang Pilipino.	4.30	S
4. Mahirap ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikang Filipino dahil sa samu't saring mga dialekto ang gamit nito bilang midyum.	3.07	HS
5. Ang mga panitikang Filipino ay isang paraan ng pagsasabuhay ng Kulturang Pilipino sa iba-ibang panahon ng kasaysayan ng bansa sa bawat mag-aaral.	4.06	S
6. Ang likas na kayarian ng wikang Filipino ang siyang nagpapahirap sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na sinulat sa midyum na ito kung kaya ang bawat mag-aaral ay hindi nagkakaroon ng interes na mas pag-aralan ito.	3.03	HS
7. Ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ay komplikado dahil sa hindi masyadong alam ng mga mag-aaral ang mga nilalaman.	3.19	S
8. Mas madaling maiintindihan ng mga mag-aaral ang mga babasahing pampanitikang Filipino kung ito ay gagamitan ng iba-ibang estratehiya ng pagtuturo.	4.06	S

Karugtong ng Talahanayan 9

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
9. Hindi madali ang paghahanap ng angkop na panitikang Filipino sa antas ng kawilihan ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan.	3.55	S
10. Mas magiging mabisa ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikang Filipino kung ito ay iniaangkop sa mga reyalidad ng pamumuhay ng mga mamamayan.	3.96	S
Pangkalahatang Tamtaman	3.76	

Pangkalahatang S.D.	Sumasang-ayon
Pinagmulan:	
4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LS)
3.50-4.49	Sumasang-ayon (S)
2.50-3.49	Hindi Sigurado (HS)
1.50-2.49	Di-Sumasang-ayon (DS)
1.00-1.49	Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

Mula sa Talahanayan 9 ay mababatid na sa sampung saloobin na kasangkot, walo ang "sinang-ayunan" ng mga mag-aaral na tagasagot na may tamtamang 3.55 hanggang 4.44. Ang saloobin bilang 1 at 9 ay ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, na nagsasaad na: "ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ay sagisag ng pagmamahal sa kultura ng bansa" at "hindi madali ang paghahanap ng angkop na panitikang Filipino sa antas ng kawilihan ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan." Ang natirang dalawang saloobin ay tinasa ng naturang tagasagot ng "hindi sigurado." Ito ay tumutugma sa saloobin na nagsasaad na: "mahirap ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikang

Filipino dahil sa samu't saring mga dialekto ang gamit nito bilang midyum" at "ang likas na kayarian ng wikang Filipino ang siyang nagpapahirap sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na sinulat sa midyum na ito kung kaya ang bawat mag-aaral ay hindi nagkakaroon ng interes na mas pag-aralan ito," ayon sa pagkasunod-sunod.

Sa pangkalahatan ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumang-ayon" sa kanilang saloobin hinggil sa pag-aaral ng akdang pampanitikan. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng pangkalahatang tamtaman na 3.76. Ibig sabihin, sila ay may mataas na interes sa pagkatuto dito.

Profayl ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Ang bahaging ito ay naglalahad ng profayl ng mga gurong nagtuturo sa Filipino ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian, katayuang sibil, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino;, salingkurang pagsasanay sa Filipino at saloobin hinggil pagtuturo ng mga akdang pampanitikan.

Gulang at Kasarian. Ang Talahanayan 10 ay naghahayag ng gulang at kasarian ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Sa naturang talahanayan ay mababatid na ang pinakamatandang gurong nagtuturo sa Filipino ay nasa 63 taon gulang at ang pinakabata ay 25 taon gulang kung saan

Talahanayan 10

Gulang at Kasarian ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Gulang	Kasarian		Kabuuan	Bahagdan
	Lalaki	Babae		
63	0	1	1	5.00
62	0	1	1	5.00
59	0	1	1	5.00
57	0	1	1	5.00
56	0	1	1	5.00
55	0	1	1	5.00
52	0	1	1	5.00
48	0	1	1	5.00
46	0	2	2	10.00
43	0	1	1	5.00
38	0	1	1	5.00
35	0	1	1	5.00
32	0	2	2	10.00
29	1	1	2	10.00
28	0	1	1	5.00
26	0	1	1	5.00
25	0	1	1	5.00
Kabuuan	1	19	20	100.00
Bahagdan	5.00	95.00	100.00	
Tamtaman	43.05 taon gulang			
S.D.	13.00 taon			

dalawa sa kanila o 10.00 bahagdan ay nasa 46 taon gulang. Dalawa rin sa kanila o 10.00 ay nasa 32 taon gulang, dalawa pa rin o 10.00 bahagdan ay may edad na 29 taon gulang at ang iba ay pare-parehong nababahagi sa iba pang gulang.

Ang tamtamang gulang ng mga gurong nagtuturo sa Filipino ay tinaya sa 43.05 taon gulang na may istandard na

kaibhan na 13.00 taon. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay mga bata pa na may kalakasan at nasa kasagsagan ng kanilang career bilang mga guro sa Filipino.

Katayuang Sibil. Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng katayuang sibil ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Mula sa talahanayan ay mababatid na karamihan sa mga gurong nagtuturo sa Filipino ay may asawa na binubuo ng 16 o 80.00 bahagdan. Ang natirang apat o 20.00 bahagdan ay mga wala pang asawa. Ang datos na ito ay naghahayag na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay may kanya-kanyang pamilya na pinaglalaanan ng kita ng kanilang propesyon upang maitaguyod ang bawat miyembro.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Ang Talahanayan 12 ay nagsasaad ng kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Mababatid dito na ang walo sa mga gurong nagtuturo sa

Talahanayan 11

Karayuang Sibil ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Katayuang Sibil	Bilang	Bahagdan
Walang Asawa	4	20.00
May Asawa	16	80.00
Kabuuan	20	100.00

Talahanayan 12

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Buwanang Kita	Bilang	Bahagdan
₱35,001 at pataas	2	10.00
₱30,001-₱35,000	2	10.00
₱25,001-₱30,000	8	40.00
₱20,001-₱25,000	7	35.00
₱20,000 at pababa	1	5.00
Kabuuan	20	100.00

Filipino o 40.00 bahagdan ay may kita na ₱25,001-₱30,000 kada buwan, pito naman sa kanila o 35.00 bahagdan ay may kita na ₱20,001-₱25,000 buwan-buwan at ang iba ay nababahagi sa iba pang kita buwan-buwan.

Ang naturang impormasyon ay nagpapatunay na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay may regular na kita bawat buwan. Mula sa kadalasang kita na ₱27,501, ito ay naghihiwatig na sila ay may kakayahang matutusan ang mga pangangailan ng kanilang pamilya kalakip na ang pangangailangang pang-edukasyon ng mga anak. Ito ay pinatutunayan sa pamamagitan ng poverty threshold ng Taon 208 na ₱9,638 para sa pamilyang may limang miyembro (PSA, 2020) kung saan ang buwanang kita ng mga gurong nagtuturo sa Filipino ay lubhang mataas kaysa dito.

Mataas na Edukasyon na Natamo. Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita ng mataas na edukasyon na natamo ng mga gurong

Talahanayan 13

Mataas na Edukasyong Natamo ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Lebel ng Edukasyon	Bilang	Bahagdan
May Degri sa Gradwadong Pag-aaral	4	20.00
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral	12	60.00
Batsilyer sa Edukasyon	4	20.00
Kabuuan	20	100.00

nagtuturo sa Filipino.

Sa naturang talahanayan ay mababatid na karamihan sa mga gurong nagtuturo sa Filipino ay may yunits sa gradwadong pag-aaral na binubuo ng 12 o 60.00 bahagdan. Ang apat o 20.00 bahagdan ay may degri sa gradwadong pag-aaral at ang natirang apat o 20.00 bahagdan ay batsilyer sa edukasyon.

Ang datos na ito ay nagsasaad na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay pawang mga kwalipikado sa kasalukyan nilang posisyon sapagkat sila ay may edukasyong natamo na angkop para dito. Sa katunayan, ang iba sa kanila ay nagpatuloy pa sa gradwadong pag-aaral upang mapa-angat pa ang kanilang antas ng kakayahan sa pagtuturo.

Tagal ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Ang Talahanayan 14 ay naghahayag ng tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong nagtuturo sa Filipino.

Talahanayan 14

Tagal ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Taon ng Pagtuturo	Bilang	Bahagdan
20 Taon at Isang Araw at Pataas	5	25.00
15 Taon at Isang Araw-20 Taon	2	10.00
10 Taon at Isang Araw-15 Taon	1	5.00
Limang Taon at Isang Araw-10 Taon	7	35.00
Isang Taon at Isang Araw-Limang Taon	5	25.00
Kabuuan	20	100.00

Mababatid mula sa Talahanayan 14 na pito sa mga gurong nagtuturo ng Filipino o 35.00 bahagdan ay mayroon nang limang taon at isang araw hanggang 10 Taon na sa pagtuturo ng nasabing asignatura, lima o 25.00 bahagdan ang may 20 taon at isang araw at pataas na pagtuturo, lima o 25.00 bahagdan din ang may isang taon at isang araw hanggang limang taon lamang na pagtuturo ng Filipino at ang iba ay naibabahagi sa iba pang tagal ng taon sa pagtuturo ng Filipino.

Ang naturang datos ay nagpapahiwatig na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay may medyo matagal nang may karanasan sa pagtuturo ng naturang asignatura. Ito ay pinatunayan ng kadalasang tagal sa pagtuturo na may 7.5 na taon. Ibig sabihin ay sila ay nahasa na sa pagtuturo dito lalo pa't sila ay

nagsikap na madagdagan ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng pagpatuloy sa gradwadong pag-aaral.

Salingkurang Pagsasanay. Ang Talahanayan 15 ay naghahayag ng salingkurang pagsasanay na dinaluhan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa magkaiba-ibang lebel.

Sa talahanayan ay mababatid ang tamtamang bilang ng mga sumusunod na pagsasanay na dinaluhan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino: sa nasyunal, isang pagsasanay na may istandard na kaibhan na 0.54 na pagsasanay; sa pangrehiyon, isang pagsasanay na may istandard na kaibhan na 0.24 na pagsasanay; sa pansangay, isang pagsasanay na may istandard na kaibhan na 0.43 na pagsasanay; sa pampurok, isang pagsasanay na may istandard na kaibhan na 0.24 na pagsasanay at sa pampaaralan, dalawang pagsasanay na may estandard na kaibhan na 0.89 na pagsasanay.

Talahanayan 15

Salingkurang Pagsasanay ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino

Lebel ng Pagsasanay	Tamtaman	S.D.
Nasyunal	1 pagsasanay	0.54 pagsasanay
Pangrehiyon	1 pagsasanay	0.24 pagsasanay
Pansangay	1 pagsasanay	0.43 pagsasanay
Pampurok	1 pagsasanay	0.24 pagsasanay
Pampaaralan	2 pagsasanay	0.89 pagsasanay
Pangkalahatan	1 pagsasanay	0.47 pagsasanay

Ang pagkalahatang tamtaman ng pagsasanay na dinaluhan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino ay tinaya sa isang pagsasanay na may estandard na kaibhan na 0.47 na pagsasanay. Ang naturang impormasyon ay nagsasaad na ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay nagsikap ding makadalo sa pagsasanay pagbinibigyan ng pagkakataon. Subali't ito ay kakaunti lamang na ibig sabihin kinakailangan sila ay bigyan ng mga tagapamahala ng paaralan ng pagkakataon mahigit sa isang beses sa loob ng panuruang taon.

Saloobin sa Pagtuturo ng Akdang Pampanitikan. Ang Talahanayan 16 ay naghahayag ng saloobin ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa pagtuturo ng akdang pampanitikan.

Sa naturang talahanayan ay mababatid na sa 10 saloobin, ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay "lubos na sumasang-ayon" sa anim na saloobin na may tamtaman na 4.55 hanggang 4.90. Sa mga ito, ang Bilang 1 at 8 ay ang mga saloobin na nakakuha ng pinakamataas at mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod. Ito ay tumutugma sa saloobin na nagsasaad na: "ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ay sagisag ng pagmamahal sa kultura ng bansa" at "mas madaling maiintindihan ng mga mag-aaral ang mga babasahing pampanitikang Filipino kung ito ay gagamitan ng iba-ibang istrategiya ng pagtuturo."

Ang natirang apat na saloobin ay "sinang-ayunan" ng parehong tagasagot na may tamtamang 3.80 hanggang 4.25.

Talahanayan 16

Saloobin ng mga Gurong Nagtuturo sa Filipino sa Pagtuturo ng Akdang Pampanitikan

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
1. Ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ay sagisag ng pagmamahal sa kultura ng bansa.	4.90	LS
2. Ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikang Filipino ay pagpapatuloy sa mga ito bilang simbolo ng pagkakabuklod-buklod ng lahing Pilipino na masasalaman sa mga nasabing akda.	4.80	LS
3. Ang pagtuturo ng mga panitikang Filipino ay isang paraan upang mas maipaintindi sa mga mag-aaral ang kahalagahan nito bilang simbolo ng identidad ng bawat isang mamamayang Pilipino.	4.85	LS
4. Mahirap ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikang Filipino dahil sa samu't saring mga dialekto ang gamit nito bilang midyum.	4.05	S
5. Ang pagtuturo ng mga panitikang Filipino ay isang paraan ng pagsasabuhay ng Kulturang Pilipino sa iba-ibang panahon ng kasaysayan ng bansa sa bawat mag-aaral.	4.85	LS
6. Ang likas na kayarian ng wikang Filipino ang siyang nagpapahirap sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan sa Filipino sa mga mag-aaral dahil ang mga ito ay sinulat sa Filipino na walang kawilihan ang mga mag-aaral.	3.80	S
7. Ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ay komplikado dahil sa hindi masyadong alam ng mga mag-aaral ang mga nilalaman.	3.90	S
8. Mas madaling maiintindihan ng mga mag-aaral ang mga babasahing pampanitikang Filipino kung ito ay gagamitan ng iba-ibang estratehiya ng pagtuturo.	4.55	LS

Karugtong ng Talahanayan 16

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
9. Hindi madali ang paghahanap ng angkop na panitikang Filipino sa antas ng kawilihan ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan.	4.25	S
10. Mas magiging mabisa ang pagtuturo ng mga akdang pampanitikang Filipino kung ito ay iniaangkop sa mga reyalidad ng pamumuhay ng mga mamamayan.	4.85	LS
Pangkalahatang Tamtaman		4.48

Pangkalahatang S.D.	Sumasang-ayon
Pinagmulan:	
4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon (LS)
3.50-4.49	Sumasang-ayon (S)
2.50-3.49	Hindi Sigurado (HS)
1.50-2.49	Di-Sumasang-ayon (DS)
1.00-1.49	Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

Sa mga sinang-ayunang saloobin, ang Bilang 9 at 6 ang nakakuha ng mataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod. Ito ay tumutugma sa saloobin na nagsasabi na: "hindi madali ang paghahanap ng angkop na panitikang Filipino sa antas ng kawilihan ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan" at "ang likas na kayarian ng wikang Filipino ang siyang nagpapahirap sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan sa Filipino sa mga mag-aaral dahil ang mga ito ay sinulat sa Filipino na walang kawilihan ang mga mag-aaral."

Sa pangkalahatan, ang mga gurong nagtuturo sa Filipino ay "sumasang-ayon" sa kanilang saloobin sa pagtuturo ng akdang pampanitikan na pinatunayan sa pamamagitan ng pangkalahatang

tamtaman na 4.48. Ibig ipahiwatig nito na sila ay may mataas na pagkagiliw sa pagtuturo nito kung kaya't sila ay nahihikaya't na hasain ang kanilang sarili sa pamamagitan ng gradwadong pag-aaral at pagdalo ng salingkurang pagsasanay.

Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral
Sa Panitikang Filipino Batay sa Pananaw
ng Dalawang Grupo ng Tagasagot

Ang Talahanayan 17 ay naghahayag ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino batay sa pananaw ng dalawang grupo nang tagasagot. Mayroong 10 suliranin na nasumpungan dito kung saan ay tinasa ng mga tagasagot.

Makikita sa Talahanayan 17 na panig ng mga mag-aaral na tagasagot, tinaya nila ang isang suliranin ng mga mag-aaral bilang "madalas nararanasan" sa panitikang Filipino. Ito ay tumutugma sa suliraning nagsasaad na, "pagkakaroon ng takdang oras para sa asignaturang Filipino na kung minsan ay kulang upang masusing mabuti ang kakayahan sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral," na may tamtaman na 3.80. Ang natirang siyam na mga suliranin ay tinaya ng parehong tagasagot bilang "madalang nararanasan" na may tamtamang 2.98 hanggang 3.34.

Sa mga suliraning naturan, ang Bilang 2 at 4 ang

Talahanayan 17

Mga Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Panitikang Filipino Batay sa Pananaw ng Dalawang Grupo ng Tagasagot

Suliranin	Mga Mag-aaral		Mga Guro	
	Tataman	Kahulugan	Tataman	Kahulugan
1. Kawalan ng espasyo sa loob ng klasrum para sa mga akdang pampanitikan na pwedeng pag-aralan ng mga mag-aaral.	3.21	MgN	4.30	MN
2. Kakulangan sa mga makabagong kagamitang pampagtuturo para sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan katulad ng mga multimedia presentations, at iba pang visual aids or displays.	3.34	MgN	4.55	PN
3. Pagkakaroon ng takdang oras para sa asignaturang Filipino na kung minsan ay kulang upang masusing mabuti ang kakayahan sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral.	3.80	MN	4.50	MN
4. Kakulangan sa mga akdang pampanitikan sa bawat klase.	2.98	MgN	4.35	MN
5. Kakulangan ng mga istruktura katulad ng silid aklatan na nakatalaga para lamang sa mga akdang pampanitikan na pwedeng pagpilian ng mga mag-aaral.	3.06	MgN	3.95	MN

Karugtong ng Talahanayan 17

Suliranin	Mga Mag-aaral		Mga Guro	
	Tataman	Kahulu- gan	Tataman	Kahulu- gan
6. Kawalan ng interes ng mga mag-aaral dahil sa pagdating ng mga makabagong kagamitang pagkakaabalahan katulad ng cellular phone, computer, at iba pa na siyang nakakaubos ng kanilang oras.	3.02	MgN	4.55	PN
7. Kakulangan ng mga takdang gawain sa paaralan katulad ng mga patimpalak sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan para sa mga mag-aaral na mas lalong makapagpapa-engganyo sa kanila.	3.17	MgN	3.45	MgN
8. Kakulangan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral na siyang nakapagbibigay sa kanila ng ibayong hirap upang maintindihan ang mga salitang gamit sa mga akdang pampanitikan.	3.13	MgN	4.45	MN
9. Kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan upang makapukaw sa kanilang interes na matutunan ng mahusay ang wikang Filipino.	3.29	MgN	4.70	PN
10. Pagbibigay ng higit na pansin sa mga pelikula, nobela, at telenobelang Ingles, Koreano, at iba pang lahi.	3.29	MgN	4.20	MN

Karugtong ng Talahanayan 17

Kabuuang Tamtaman		3.23	4.30
Kabuuang Kahulugan		Madalang Nararanasan	Madalas Nararanasan
Pinagmulan:	4.50-5.00	Palaging Nararanasa	(PN)
	3.50-4.49	Madalas Nararanasan	(MN)
	2.50-3.49	Madalang Nararanasa	(MgN)
	1.50-2.49	Di-Gaanong Nararanasan	(DGN)
	1.00-1.49	Di-Nararanasan	(DN)

nakakuha ng mataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod, na nagsasaad na: “kakulangan sa mga makabagong kagamitang pampagtuturo para sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan katulad ng mga multimedia presentations, at iba pang visual aids or displays” at “kakulangan sa mga akdang pampanitikan sa bawat klase.”

Sa pangkalahatan, tinaya ng mga mag-aaral na tagasagot ang suliranin sa pag-aaral ng panitikang Filipino bilang “madalang na nararanasan.” Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng kabuuang tamtaman na 3.23. Ibig sabihin nito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay minsan nakakaranas ng suliranin sa kanilang pag-aaral ng panitikang Filipino subali’t ito ay dapat pagtuunan ng pansin upang hindi ito maging sagabal sa kanilang pang-akademikong kakayahan.

Sa panig naman ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, makikita sa Talahanayan 17 na ayon sa kanilang pagtataya, “palaging nararanasan” ng mga mag-aaral ang tatlong suliranin

